

Kabanata 1

Ang Simula ng Ungas, Multo-Wannabe at Mga Millennials

S*ex, sex at sex.*

Gamit ang masusing pagtatanong sa mga eksperto ukol sa paunang linyang makakakuha ng atensyon ng mambabasa, iisa lang ang kanilang naging tugon:

Simulan mo sa bed scene, lumalagablab at nakakagising na bed scene.

Pagkatapos ng ilang segundong deliberasyon, napagdesisyunang gamitin ang terminong nabasa sa itaas.

Sex, sex at sex. Ingles at walang kinalaman sa unang kabanata pero epektibo, hindi ba? Umabot ka sa linyang ito dahil sa naunang impresyon ng kahalayan. Sa kasamaang-palad, hindi magsisimula ang kwento sa isang babae at isang lalaking nasa ibabaw ng kama, hubad, pawisan at tumitirik ang mga mata.

Magsisimula tayo sa isang madilim na silid-aralan, laman ang ating bidang si Pierromencio, na bagaman humihingal ay hindi libog ang dahilan.

Pasuray-suray at palapit sa kanya ang babaeng may mahabang buhok na nakayungyong sa mukha nito, nakasuot ng puting bestidang may manggas at lagpas-tuhod ang haba.

Hindi naniniwala sa multo si Pier at lalong hindi siya matatakutin. Galing siya sa matapang na angkan ng mga Alpha, pinaniniwalaang mas naunang naging bantog kaysa kay *Asiong Salonga*. Pero dahil ang tanging liwanag ay mula sa bilog na buwan, nakakadagdag iyon sa impresyon ng misteryo at gimbal.

Minura niya ang sarili. Kung umuwi sana siya nang maaga imbes na umidlip sa classroom, disin sana'y hindi siya inabot ng gabi sa eskwelahan.

Sinubukan niyang tumayo, pero namitig yata ang kanyang mga binti at napalugmok siya sa sahig matapos matapilok. Kung bakit kasi nagulat siya at tumakbo nang magising sa tila haplos ng malalamig na kamay, tuloy ngayon ay hindi siya makakilos sa iniindang sakit. Kung kaya lang niyang bumangon at tumayo, naghamon na siya ng suntukan.

Napakatahimik ng gabi. Napakalamig, kahit malayo pa ang buwan ng Merry Christmas, Happy New Year at My Funny Valentine. Maliban sa dagundong ng puso niya, ang tanging naririnig ay ang mababagal na yabag ng babaeng parang pasuray-suray at paos na umuusal.

“Dugo...”

Nanigas ang mga braso ni Pier, nagsimula siyang manginig. Nasa tabi na niya ang babae. Dahan-dahan itong

lumuhod at hinaplos ang pisngi niya. Ngayon ay napahiga na siya sa dakong binagsakan at hindi na halos makagalaw. Sa likod ng itim at tuwid na buhok, siguradong may mulagat na pares ng mga matang nagmamasid sa kanyang anyo.

Kamatayan ko na, isip ni Pier.

Hindi siya relihiyoso, pero kung mamamatay man siya, papanaw siyang kinakausap ang Diyos. Pumikit siya nang mariin at nagsimulang magdasal. “A-Ama namin, sumasalangit Ka... s-sambahin... ang ngalan Mo...”

“Gusto ko ng dugo...”

Hindi siya nagpatinag. “Bigyan Mo po kami ng aming kakanin sa araw... a-at... sa araw-araw... sa araw...” Nakalimutan pa niya ang sunod dahil sa pagkataranta. Sa huli sumuko na siya at dumerecho sa dulo. “Sa ngalan ng Ama... ng hu-wag po... ’wag...”

Lumapat ang hininga ng babae sa tainga niya at bumulong ito ng, “Dugo... dinuguan at puto...” Pagkatapos ay isang malakas na pagkulo ang gumulat sa kanila.

Natigilan si Pier, tinanong ang sarili, *Teka, may multo bang kumakalam ang sikhmura?*

Sukat doon, nawalan ng ulirat ang binata.

Madaling-araw na nang magising si Pier. Masakit ang kanyang ulo at makirod ang kanang paa.

“Punyeta!” Bumangon siyang sapo ang noo, pilit inaalala ang nagdaang gabi, ang pagkakatapilok, ang babaeng may mahabang buhok, ang pagkalam ng sikhmura nito, at ang

pagbagsak nito sa ibabaw niya, dahilan ng pagkauntog ng ulo niya at pagkawala ng malay. Parang panaginip lang ang lahat, isang nakakayamot na bangungot.

Nang humupa ang pananakit ng paa, tumayo siya. Hinanap niya ang babae para bigyan ito ng malupit na uppercut. Nakompromiso ang pagkalalaki niyang tanging ina niya lamang ang may karapatang yumurak.

Pero nag-iisa na siya, walang bakas na mayroon siyang naging kasama roon. Kinuha niya ang bag na nasa isang tabi at tiningnan ang oras sa cellphone: alas cuatro ng madaling-araw.

Bago umalis ay ginulo niya ang mga upuan sa inis. Hindi tuloy siya nakapanood ng bagong video ng paboritong porn star, mali-late din siya sa pagpasok mamaya at higit sa lahat, lagot siya sa ina.

“Humanda ka sa ’kin, pekeng multo,” banta niya, at gigil na ibinalibag ang pinto.



Bilisan natin ang takbo ng oras at pakinggan din ang iniisip ng bidang babae. Hindi dahil sa takot na tuligsain ang kwentong ito ng mga peminista, nagsusumigaw lamang ng patas na distribusyon ng eksena sa pagitan ng mga karakter. Karapat-dapat din namang malaman kung ano ang nagaganap sa iba alang-alang sa ikabubuti ng kwento.

Umaga.

Nagsimulang pumasok ang mga estudyante ng *Pomberto*

Alto Colledor University o PAC U, isang pribadong paaralan mula elementarya hanggang kolehiyo na ipinangalan sa mayamang pilantropo. Pagmamay-ari ng angkan nito ang naturang unibersidad.

Kapana-panabik sana kung mga mutants ang mag-aaral dito, at kung pinamamahalaan ito ng kalbong imbes na naka-wheelchair ay naka-hoverboard (o *Segway* kung gusto mong may handlebar). Mas exciting din kung institusyon ito ng mahika at nakasakay sa walis-tingting ang mga mag-aaral tuwing PE. Pero masyado nang overused ang ganitong mga konsepto.

Gumamit tayo ng kakaiba, makabago at orihinal: ang *PAC U* ay paaralan ng mga mapepera, kabilang ang mga medyo gangster, ilang pakontrabidang tisay, at mga tagapagmana.

Sadyang bago sa panlasa, tulad ng buong aklat. Walang halong sarkasmo (konti lang).

Isa sa mga mag-aaral dito ay si Corazon (hindi ang *Unang Aswang*).

Sa kasalukuyan, mahigpit ang kapit ng dalaga sa manika niya, tila kumukuha ng lakas ng loob sa laruan. Nanliit siya sa mapanuring tingin ng mga magiging kaklase. Salamat sa mahahaba niyang bangs, natatabunan ang nanlalalim niyang mga mata.

“Cora,” mahina niyang sabi. “Ako si C-Corazon.”

Tulad ng inaasahan, hindi siya narinig at umugong ang bulungan. Nakakapanibago. Maliban sa ama at sa mga kampon sa mansion, ngayon lang siya humarap sa tao

matapos magising mula sa napakatagal na pagtulog.

“Miss?” untag ng guro, Si Ginoong Primo.

“Corazon, maaari ding Ora,” aniya, sa wakas ay lumakas din ang boses. “Ako si Corazon Guttan, ang bida sa kwentong ito, at siya si Minerva,” tukoy niya sa yakap na manikang walang mata at nakapulung baro’t saya. “Ikinagagalak namin kayong makilala.”

“Eww, scary.”

Nagtaka siya kung ano ang nakakatakot, katulad ng nagdaang gabi. Nililibot niya noon ang bagong paaralan nang makaramdam ng matinding gutom. Halos hindi na siya makalakad nang maayos dahil sa panghihina. Nang pauwi na ay nakita niya ang isang lalaking natutulog. Sa pag-aalala, ginising niya ito.

Parang nakakita ito ng multo. Nagdasal pa ang lalaki nang mali-mali gayong nagtatanong lamang naman si Corazon kung may baon itong dinuguan at puto, ang mga paborito niya. Ipinangako na lamang niya sa sariling tuturuan itong magdasal sakaling makita ulit. Baka rin sakaling magkaroon siya ng bagong kaibigan dito.

Para ipakita ang kagustuhang mapalapit sa iba, tinanong niya ang kaklaseng nagkomento.

“Ano ang ikinatatakot mo, Hyma Olsen?” Saka siya ngumiti.

Sa kasamaang palad, walang nakapagsabing makadulot-bangungot ang imahe niya kapag nakabuka ang bibig.

Parang ganito:



Imbes na ganting ngiti, nanlaki ang mga mata ni Hyma at kinalabit nito ang morenang katabi. “She knows my name! How? I’m sure she knows my address, too, and she’ll kill me in my sleep. And look at that smile, she could tear my arms with those teeth!”

Naipilig na lamang ni Ora ang ulo. Hindi man mapanghusga, hindi niya maiwasang mag-isip na mayroon siyang kaklaseng tanga. *Estupida* kumbaga. Beauty without brains. Boba. Sayang, puwede pa naman sa Inglesan.

Paanong hindi niya malalaman ang pangalan nito gayong nakaimprenta sa name pin?

“Sir,” anang isang mestiza sabay taas ng kamay.

“Yes, Tiesha Almary Faith Dimahayok McHeavens?”

“Tumatanggap na ba ng transferee ang school sa kalagitnaan ng taon?”

“Alam mo bang... nakamamatay ang kuryosidad?” pabiro niyang sabat bago makasagot ang guro. Sino ba naman ang ayaw sa taong magaling mag-joke?

Pero walang natawa.

Napabuntong-hininga si Ora at nag-isip. Tama siguro ang sinabi ng isa nilang kampon sa mansion: mahirap nga talagang mamuhay nang normal at makisabay sa mga millennials.



Sa tahanan naman ng mga Alpha, nagmulat ng mga mata si Pier, bumahing nang sunod-sunod, at bumangon mula sa malamig na sahig ng entrada. Parang ginulpi ng ilang basagulo ang katawan niya sa sakit. Wala man lang nag-abalang kumutan ang hero ng istorya, nilalampasan lang ng mga katulong, at tila sanay na sa ganitong pangyayari.

Kahit pa yata magdala ng chainsaw ang ina at paslangin silang magkakapatid, ang sasabihin lang siguro ng mga katulong ay, *“Ma’am, kulang po ang clorox panlinis ng dugo sa sahig.”*

Matindi ang inabot niyang sapak mula kay Ginang Alpha pag-uwi. Bago pa man masabi ang, “Magpapaliwanag ako,” lumapat na ang kamao nito sa bibig niya.

Nakakapanlumo ang nabaong kapogian. Habang pinapatay sa gulpi ay wala ring tigil ang pagputakte sa kanya ng sermon.

Bakit ngayon ka lang? Saan ka galing? Umuwi ka pa! Buhay ka pa?

Pagkatapos ay iniwan siya nitong nakabulagta. Ganyan magmahal ang ina, cariño brutal.

“Sir, gusto n’yo na pong mag-agahan?” tanong ng katulong, sa ikli ng palda ay kita na halos ang kuyukot.

“Bakit walang nagkumot sa akin?” tanong niya at tinitigan ito nang masama.

“Y-yon po ang sabi ni Ma’am. Kuwan, kakain po ba kayo?”

“Ano’ng ulam?”

“Chicken curry pong kulay rainbow. Niluto ni M—”

Hindi na niya tinapos ang sagot at inakyat na ang kanyang kwarto, sapo ang noo. Dalawa lang ang pinoproblema nila sa ina: Una, malupit itong magparusa at pangalawa, hindi ito marunong magluto.

Chicken curry na kulay rainbow? Ano’ng ipinanghalo, ang makukulay na punyetang bulaklak sa hardin?

Dati, nagluto ito ng *sinigang na isda* at suka ang ipinangsabaw. Nabugbog nito ang Kuya Im niya dahil

tinawag iyong *paksiw*.

Matapos ibalibag ang pinto ng kwarto, saka kumalam ang sikmura ni Pier. Nagmumurang lumabas, tinungo niya ang kwarto ng nakabatang kapatid na si Nola at naghulughog.

“Dito lang pala itinatago ni Bansot,” aniya matapos mahanap ang chichirya sa ilalim ng kama.

Bumalik siya sa sariling silid matapos magnakaw ng limang supot ng *Fiatwos* at mabilis iyong nilantakan. Nang maubos ay uminom siya ng tubig sa gripo sa banyo.

Takot lang niyang bumaba at mapilitang tikman ang *makulay na curry*. Muli siyang humiga sa magulong kama at nagmura nang ilang beses dahil sa pagbaon ang kung anu-anong kalat sa kanyang likod.

Minsan, kinukwestyon niya ang kayamanan ng pamilya. Dahil kung totoo iyon, bakit sila ang pinaglilinis ng sari-sariling kwarto? Anong pesteng *Parenting Guidebook* ba ang binasa ng mga magulang at papatayin niya ang manunulat, isama na ang publisher at ang distributor?

Dinaklot niya ang mga supot ng pagkain, mga bote ng tubig at iba pang kalat. Isinunod niya ang mga damit na nakasabit sa malaking plasma TV, mga medyas sa sofa, boxers sa sahig, at inilagay ang lahat sa laundry basket. May ilan ding nilamukos na tissue, laman ang kaduda-dudang kung anong malagkit.

Minura ni Pier ang pagiging dugyot, ang konsepto ng kalinisan at ang laki at lawak ng silid. Minura rin niya ang sahig, ang bintana, pinto, kisame—lahat ng inosenteng

bagay na walang buhay, maliban sa itinatanging koleksyon, ang mga seksing magasin.

Napagpasyahan niyang maligo at nang humarap sa salamin, tumindi ang inis niya. Hindi na niya makilala ang sarili. Putok ang mga labi at nangingitim ang kanyang kanang mata. Hindi ito ang mukhang kinababaliwan ng mga bebot.

Nasaan na ang matangos na ilong? Ang arogante pero mapang-akit na mga labi? Wala na ang hitsurang pang-James Reid, Elvis noong kabataan nito, at Lee Min Ho depende sa anggulo. Pumalit ngayon ang mukha ng isang salvage victim. Wala na ang mukhang puno't dulo kung bakit inaya siya ng mga kaeskwelang papoging singkit na sumali sa grupo.

Tadtad din ang katawan ni Pier ng pasa. Kahit gaano kamacho o katigas ang mga muscles mula sa pakikipagbangasan, wala iyong binatbat sa mga hataw ng ina.

Pagkatapos maligo, lumabas siya ng banyo na nakatapis lang ng tuwalya nang biglang bumalibag pabukas ang pinto.

Deym it.

Napalunok si Pier, wala sa loob na niyakap sa sarili. “N-Nay?”

At pumasok sa kwarto ang tanyag na si Emmencia Alpha.

“Pierromencio, umupo ka,” seryosong utos nito. Mukha itong simpleng maybahay sa nakapusod na buhok at brown

na duster. Maliban sa pagpapaayos ng kuko at panonood ng kalye-serye, wala itong ibang luho. Para sa may kaliitang babae, maawtoridad ang tinig nito.

Nag-isip si Pier kung anong mali na naman ba ang nagawa niya. “M-magbibihis muna ako.”

“Pagkatapos nating mag-usap,” ang madiing sagot nito. “Nakita ko na iyang patotoy mo. Ako ang unang humawak niyan nang isilang kita. Ako din ang naglalagay ng gamot noong tinuli ka. Upo.”

Wala siyang nagawa kundi sumunod dito sa itim na sofa. Umupo siya paharap sa ina. Hindi siya makatingin nang derecho habang ito ay tahimik na pinaglilipat-lipat ang tingin sa mukha niya at sa pagkalalaki niyang natatakpan ng kakarampot na tuwalya.

“Saan ka galing kagabi?”

“Nakatulog po ako sa school. Hindi naman ako nagbulakbol. Peks man.”

“Ba’t di mo kaagad sinabi?”

“Bago pa ako makapagpaliwanag, nanapak na kayo.”

“Eh, di sorry,” walang anumang sabi nito at nagkibit-balikat na ikinainis niya. “Huwag ka nang pumasok, sirang-sira ang mukha mo.” At sinulyapan ulit nito ang tuwalyang tumatabon sa kanyang *ibon*.

“Nay! Ba’t ba kayo tumitingin kay Jun-Jun?”

“Sino si Jun-Jun?”

“Ito ho,” aniya, sabay turo. “Kanina pa kayo.”

“Jun-Jun ang tawag diyan? Pwede namang July-July, Isko o kahit na Ultimate Bae.”

“Nay!”

“Oo na, tawagin natin siyang Jun-Jun.” At bumuntong-hininga ito, parang nagbalik-tanaw sa nakaraan. “Ang sabi ng midwife noong isilang kita, pinagpala ka daw dahil malaki si... Jun-Jun,” sabi nito, at inginuso iyon. “At nang huli kong makita ’yan noong nangangamatis pagkatapos tuliin, natuwa ako. Paniguradong marami akong maginging apo sa ’yo.”

Noong una’y nakakalito kung saan patungo ang usapan, hanggang sa dumako ang tingin ni Pier sa taguan ng mga pakete ng hindi pa nabubuksang condom.

Kumpirmado. Nadiskubre na ang itinatago.

Namutla siya sa ideyang pumasok sa isip, pautal na nakiusap. “T-teka, Nay, sobra naman hong parusa ’yan.” At tinakpan niya ang kontrobersyal na bahagi ng katawan. “Normal lang naman po sa pigbibinata ang maging mapusok. Huwag n’yo naman hong putulin si Jun-Jun.”

Umitsa ang tsinelas ng nanay niyang binili mula sa Divisoria, derecho sa lamog niyang mukha. “Bakit ko puputulin?”

“Eh, ba’t ho umabot dito ang usapan?” Naiiyak niyang sinapo ang pisngi.

Lumapit si Ginang Alpha at hinawakan siya sa magkabilang balikat. “Pierromencio, bakla ka ba?”

Napatayo siya, ilang beses na nagmura sa isip, *Punyeta! Times two, times two, times two!* “Bakit kayo nag-iisip ng ganyan?”

“Wala ka pa kasing gelpren. Kahit gaano kababata at kasiseksi ang kinukuha kong mga katulong ay hindi mo man lang minamanyak. Aba’y nauubusan na ako ng paraan para patunayang lalaki ka nga!”

“Nay, magagalit ang LGBT Kumyuniti. Iba ang dating ng sinabi n’yo, ah. Medyo imoral ho ang paraan n’yo.”

“Hindi iyon ang ibig kong sabihin! Huwag kang sensitive.”

Naupo siyang muli at nagmuni-muni. Sa kabila ng balikong pamamaraan, may punto ito. Kaya nga siya nanonood ng pornograpiya, nangongolekta ng seksing magasin at nagre-reserba ng condom dahil kinukwestiyon niya ang pagkalalaki minsan. Bakit nga ba wala pa siyang magustuhan?

“Wala lang ho. Pero ’wag ninyong isiping bakla ako. Hindi porke’t kung sinu-sinong babae ang ipinapakilala ni Kuya ay mas lalaki na siya sa ’kin.”

Napangiti si Ginang Alpha, pinulot ang ibinatong tsinelas. “Tanggap ko naman kahit ano ka pa, eh. Pero pag ikaw nagsinungaling, iyon ang hindi ko matatanggap.” At tuluyan na itong lumabas.

Dali-daling nagbihis si Pier at humilata sa kama, kimkim ang nagkapatong-patong na inis.



Iyan... iyan si Pierromencio Alpha, sagad na, best angle. Siya ang alanganing leading man na saksakan ng hangin. May mga sandaling gwapo, bad boy. Pero tandaan, hindi lahat ng bad boy kamukha ni James Reid kapag galit. Kung napansin ninyo, isa siyang lider ng FRAT— *FRATing* inaantok. *FRATing* napapaaway, kaya *FRATing* napaparusahan.

Tuluyan siyang nakatulog, ang kamay ay nakatabon kay Jun-Jun at walang kamalay-malay sa aabuting higit pang kamalasan sa susunod na mga araw.

Ah, kawawa.

Kabanata 2

Ang Kababalaghan sa PAC U

Masakit ang tiyan ni Pier. Maya't maya rin ang pag-alpas ng kinain patungo sa kanyang lalamunan, isisi sa kasumpa-sumpang agahan. Dahil wala pa ang guro, hindi muna siya pumasok sa silid-aralan. Minamasdan niya ang dibdib ng mga kaeskwelang dumadaan, baka sakaling makakatulong ang kamanyakan sa kalusugan.

Tadtaran, isip niya, walang ipinagkaiba ng harapan sa likod.

“Noong nagsabog ang Diyos ng boobs, hindi sila nakasalok ng grasya. Kawawa.” LOL.

Sa kalagitnaan ng lantarang pangmamanyak, humagalpak ang malakas na hampas sa batok niya.

“Tingin mo pa lang, pwede ka nang makasuhan ng panghahalay,” sabi ng nambatok.

Pinukol niya ng masamang tingin si Nola. Dagdag malas nga naman. Dahil basagulero, inulit niya ang ikaapat na taon sa sekondarya, at naging kaklase ang kapatid.

“Hoy, Bansot, sino’ng nagbigay sa ’yo ng karapatang hampasin ako?”

“Yan! Diyan ka magaling. Sa pagsisiga-siga at kapapanood ng porno. ’Yan lang ang laman ng kukoteng mas maliit pa sa itlog mo. Kaya ka nabugbog ni N—”

Tinakpan niya ang bibig nito bago pa nito matapos ang sasabihin. Luminga siya sa paligid para siguruhing walang nakarinig.

Aba, bawas puntos sa pagiging *bad boy*.

Oo, nanonood siya ng porno, pero hindi iyon nangangaluhugang isa siyang pakawalang lalaki.

Syet, ang lamya, kanyaw ng ego niya.

Nagsimula lang naman ang ganoong libangan ni Pier nang magduda na sa sarili. Bakit wala pa siyang nagugustuhan? Oo’t kahalay-halay ang mga babaeng maumbok, pero iba iyon sa tinatawag ng tatay niyang *kakaibang libog ng puso*.

Kaya imbes na isangguni sa mga magulang, naghanap siya ng paraan para patunayan ang pagkalalaki—ang manood ng pornograpiya. Sa maniwala’t hindi, virgin pa ang katawan ng ating bida. Ang katawan lang. Ibang usapan na ang isip.

Sikreto rin ang pagiging takot niya sa ina at ingat na ingat siyang huwag itong mabunyag.

Sa ngayon, siya ang hari ng *PAC U*, kaya bakit niya sisirain ang reputasyon? Kapag dumadaan siya, tumitili ang mga bebot habang tumatakbo—palayo, ganoon din ang

mga kalalakihan. Sikat si Pier at kahit itinatanggi, isa siyang famewhore.

“Tapos ka na bang mag-flashback? Makinig ka nga.”

“Ano na, Tibo?” aniya, sabay baling kay Nola, na pasalamat siya at naging babae kundi matatabunan ang kapogian niya kung nagkataon. Higit na lumiit ang mukha nito dahil sa maikling buhok.

Cute si Nola. Medyo matigas umasta. Bansot. In short, patok sa mga pedophile.

Naluklok ito bilang SSC President dahil na rin sa kanya. Dumating ang puntong binalak ni Pier na sakupin nang lubusan ang buong paaralan, maging tanging artistahin na pinuno sa buong kasaysayan nito. Sa pagkagimbal ng lahat, nag-anunsyo siya ng kandidatura. Buwang lang ang tatakbo laban sa kanya. Ang inakalang abot-kamay na tagumpay ay naudlot nang ianunsyo rin ng kapatid ang pagtakbo.

Landslide ang resulta ng botohan. Lima lang ang nakuha niyang boto kumpara sa suportang naani ng kapatid na pang-infinity and beyond.

“Hindi ako tibo! At ano’ng masama kung sakali? It’s a free world!” Agad din nitong binago ang usapan. “Kuya, ikaw ba ang nanggulo sa classroom natin?”

Oo nga pala. Dahil sa nangyari ng nagdaang gabi, ibinuhos niya ang inis sa inosenteng silid-aralan.

“Anong pakialam ko d’un. T-tingnan n’yo sa CCTV!”
Deym it. Nakalimutan niyang high tech pala ang *PAC U*.

“Ewan, nasira daw ang security system kagabi, nakapatay pati camera.”

Di ipinahalata ni Pier ang pagkawala ng tensyon sa katawan. Kung sinuswerte nga naman.

“Sigurado kang hindi ikaw?” usisa ni Nola.

“Ang kulit mo.”

“Bakit ka nagkakamot ng singit?” At naningkit ang mga mata nito.

“Ano ngayon?”

“Nagkakamot ka ng singit kapag nagsisinugaling!”

“Punyeta, Bansot, ang dami mong napapansin. Sa makati. Pinapalala mo ang sakit ng tiyan ko dahil sa ipinalamon ni Nanay.” Lalong nag-alboroto ang bituka niya.

Tuluyang nabenta ang kanyang kwento. “Bakit, ano ba ang inihain niya kanina?”

“Tinolang manok... na amoy paa.” At napangiwi. Kumain siya sa takot na madagdagan ang pasa sa mukha.

Umaasang bubuti ang pakiramdam, bumalik si Pier sa loob at sinubukang matulog. Makalipas ang ilang sandali, natahimik ang paligid, may humila ng upuan sa tabi niya. Hinarap niya ang baliw na mapangahas. Abala ito sa pag-aayos ng gamit, walang kamalay-malay sa kadilimang nagbabadya.

“M-magandang umaga,” sa wakas ay bati nito matapos niyang tumikhim, at hinugot mula sa bag ang manikang walang mata at kasing-laki ng sanggol na kinulang sa buwan.

Kapareho ng sa may-ari ang suot ng manika. “Magandang umaga rin sa iyo, Minerva.”

Masama man ang pakiramdam, mala-demonyong ngumiti si Pier nang mapagtanto kung sino ang bagong kaklase.

Sa wakas, nakita rin kita, pekeng multo.

Walang pag-aatubiling kinalabit niya ito at bumigkas ng isang maangas na, “Hoy.”

“Bakit?” ang alangang sagot.

“Nakikilala mo ba ako?”

“Ah...” matamlay nitong sagot. “Ikaw ba ang class president?”

“Class president? Mukha ba akong matino?” Napatayo siya sa inis, nagpatindi sa hilo. Inihampas niya ng ang kaliwang kamay sa desk, palihim na tumukod, suporta sa bumibigat na katawan.

Lalo lamang napayuko ang kaharap at napahigpit ang yakap sa manika.

“Anak ng... sasagot ka ba o tititigan ko ang bumbunan mo buong umaga?” singhal niya sa kabila ng nagbabadyang pagbaliktad ng sikmura.

Nang muling iangat ang tingin, bumakas ang rekognisyon dito matapos ang masusing titigan. “Ikaw ang lalaking hindi marunong magdasal.”

“H-hindi ko iyon nakalimutan,” depensa ni Pier, nagdodoble na ang tingin at nanghihina. Tumagaktak ang

pawis niya, nag-init ang singit at kili-kili.

“G-gusto mo, turuan kita?” Hindi na ito naghintay ng pahintulot, at taimtim na nagsimula. “Ama namin, sumasalangit Ka...”

Wala siyang maintindihan. Tuluyang umikot ang tingin ni Pier, naging kakaibang lenguwahe sa pandinig ang inuusal ng kaharap, parang malayong bulong at sumpa sa hangin ang bawat kataga.

“Mapasaamin ang kaharian Mo...”

May kung anong gustong kumawala mula sa kaibuturan niya. Natutop niya ang bibig at pinigilan ang pwersang ibinabaliktad ang kanyang kaluluwa.

“At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso—”

Tuluyang nagapi si Pier. Katulad ng bulalakaw, bumulusok palabas ng bibig ang inagahang tinolang amoy paa, derecho sa bumbunan ng nagdarasal na kaklase.

Kumalat ang matinding asim ng suka sa buong silid, saktong nasinghot ng mga napasinghap na manonood. Nasaksihan ng buong klase ang paggiwang ni Pier habang tumitirik ang mga mata hanggang sa bumagsak sa sahig.

Nabasag ang panandaliang katahimikan nang pumailanlang ang histerikal na boses ni Hyma Olsen na magaling sa Inglesan. “I told you she’s evil! Look, she killed him!”



“Nahihiya na akong pumasok, Macarena.” Nanlulumong niyakap ni Ora ang sarili habang nakatalungko sa sofa sa kwarto, pinapanood ang katulong na magpalit ng kubrekama. Kasalukuyang tapos na ang magulo niyang unang araw sa paaralan at naghahanda na siya sa pagtulog.

“Bakit? Dahil sa nangyari?” ganting tanong nito. Sa kabila ng kumukubang likod sa katandaan, maliksi pa rin itong kumilos.

Tatlong henerasyon na ng mga Guttan ang naalagaan ni Macarena, pero hindi pa rin nito tinatanggap ang pagreretirong iniaalok ng pamilya.

“Unang araw ko at masama na agad ang kinalabasan.” Sinisi ni Ora ang sarili sa kasabikang magkaroon ng kaibigan. Kung alam lang niyang masama ang pakiramdam ng kaklase ay nag-alok siyang dalhin ito sa klinika imbes na magturo ng dasal.

“Huwag kang mag-alala, hindi naman ikaw ang dahilan,” alo nito, ngayon ay natapos na sa pagpapalit.

Inaya siya nitong maupo sa harap ng tokador para suklayin ang mahaba at itim niyang buhok, isang nakaugaliang ritwal bago matulog.

Sumunod si Ora. Habang ninanamnam ang banayad na pagdaan ng suklay, inalala niya ang nakabulagatang kaklase at ang mukha nitong lamog, naliligo sa suka, parang panda na nalulunod sa gatas.

Sumapit ang Lunes. Maaga siyang pumasok, pinipilit maging positibo ang pananaw para sa panibagong araw

sa paaralan. Matapos ayusin ang gamit, inilapag niya ang manika sa ibabaw ng desk at kinausap.

“Magiging maayos ang lahat. Huwag kang mag-alala, Minerva.”

“Papatayin kita.”

Muntik na siyang mapalundag, dahan-dahang hinarap ang bagong dating na si Nola.

“Joke lang,” masigla nitong bawi. “Lakas ng trip, ah. Ano’ng tinira mo?” tanong ng kaklase, may mapaglarong ngisi habang ngumunguya ng bubble gum.

“Tinira? Wala akong tinira. Hindi ako nananakit, pangako.”

“Hindi ’yon ang ibig kong sabihin.” Patukod itong dumukwang, pinaputok ang maliit na lobo ng bubble gum. “Gawin mong exciting ang taong ito.” Walang anuman itong lumabas habang sumisipol matapos iwan ang backpack.



Halos tinakbo ni Pier ang hallway para umabot sa flag ceremony. Ang tanging maipipintas sa pagiging perpekto niya ay ang minsang pagkabatugan. Matagal bago siya nagising kaya hindi nakasabay sa kapatid. Nakailang late na siya sa kasalukuyang buwan, ilang ulit pa at ipapatawag na naman ang kanyang ina. Panibagong kaso na naman ng domestic violence na hindi maisusumbong sa pulis.

Sino ba naman kasi ang nagpauso ng linsyak na Panktwaliti na iyan?

Iyon ang ibinubunganga ng guro kapag nahuhuli siya.
“Panktwaliti, Mr. Alpha! Learn to be panktwal!”

Humahangos siya ng pang-*Olympics* na nangangailangan ng medalyang ginto makaabot lang kahit *Panunumpa sa Watawat ng Pilipinas*. May sumabay rin sa pagkaripas niya. Pinukulan niya ito ng matalim na tingin nang mapagtanto kung sino ito: ang pinakabatang miyembro ng *Singkit Boyz*, ang limang magpipinsang pabebe na nakaaway niya minsan.

“Late ka na... *totoy*,” pang-iinis ni Pier at mas binilisan ang pagtakbo, walang lingon-lingon.

Sa awa ng demonyo, umabot siya sa seremonya. Hindi napansin ng mga kaklase ang pagdating niya kaya narinig niya ang walang prenong tsismisan ng dalawang lalaki sa unahan.

“Totoo, pare, magsyota na ang *JaDine*.”

“Late ka na sa balita, gago!”

“Sila pa rin kaya kapag na-publish ang kwentong ’to?”

“Impossible.”

“Imposibleng sila pa?”

“Imposibleng ma-publish ang kwentong ’to.”

“Maiba ako, pare, alam mo bang walang nakakaalam kung saan galing si Multo?”

“Shh, ’wag mo lakasan, kapag narinig ka, baka makulam ka din katulad ng nangyari kay Alpha. *AlDub* na lang pag-usapan natin kahit wala na sila.”

“Alam mo bang mas maaga pa kay Prez siya dumating?”

Madaling-araw pa nga lang yata, nandito na si Ora.”

“Hanep, nakita mo rin ba ang manikang dala-dala?”

“Gamit na pangkulam. Akalain mong natablan si Alpha? Orasyon lang pala katapat, sumuka na parang buntis.”

“Ano kasi’ng pangalan ng manikang walang mata?”

“Gusto n’yo ding mawalan ng mata?” bulong ni Pier mula sa likuran, inakbayan ang mga nag-uusap. Gulat man, umiling ang dalawa.

“Itikom ang mga bibig kung ayaw ninyong burahin ko iyan.”

Sabay na tango.

“Kapag narinig ko kayong nagsalita buong araw, buong pagmumukha n’yo ang mawawala.”

Natatarantang muling nagsitanguan ang dalawa.

“Harap sa flag pole,” utos niya na agad sinunod.

Natagpuan ni Pier ang sanhi ng tsismis, katulad niya ay nasa bandang hulihan din.

“Hoy,” tawag niya. Buong klase ang lumington. “Kapag may nahuli pa akong lumington sa likod, iikot ang leeg ng 360 Celsius habang-buhay.” Nagsisunuran ang lahat.

“Degrees,” pabulong na pagtatama ni Ora. “360 degrees, hindi Celsius.”

Nagtimpi si Pier. *Magtutuos pa tayo*, aniya sa isip bago kantahin nang sintunado ang *Lupang Hinirang*.



Huwag mo akong kausapin, ani Pier sa isip nang tinangka siyang kausapin ni Ora.

Hindi na ito muli pang sumubok na gawin iyon hanggang sa panghuling asignatura sa araw na iyon.

Nagtanong ang guro kung sino ang handa sa recitation.

Si Stephen lamang ang nagtaas ng kamay, senyales na walang ibang handa sa buong klase at ang responsableng class leader ang kanilang pag-asa.

“Wala na bang iba?” Dumako sa likuran ang pamamasyal tingin ng guro, sakto sa kinauupuan ni Pier na biglang napalis ang ngisi.

Kusang itinaas ni Ora ang mga kamay, tumayo matapos bigyang pahintulot. Itinutok niya ang tingin sa manikang nakahiga sa desk imbes sa mga kaklase.

*“Narito ako, pag-ibig na malupit
Umaasam, nangungunyapit
Habang-buhay na mananaginip
Ng isang bangungot na matamis.*

*Masarap mang mabuhay
Handa akong mamatay
Natatakot akong sa 'yo ay mawalay
Sana sa huli tabi tayong hihimlay.”*

Sana'y bumilib sila. Kung palpak ang pagiging palabiro, sana ay magustuhan siya sa pagiging malikhain. Patapos na ang tula nang nagkaroon si Ora ng lakas na loob na itaas ang tingin.

*“Sa iyong pagdilal at kahit sa pagpikit,
Naroon ako’t matiyagang nagmamasid
Ibubulong ng hangin sa iyong pandinig
Awit ng puso kong ikaw ang hibik.*

*Yayakapin kita sa gitna ng lamig
Sa tukso at panganib, hindi padadaig
Paraiso natin dito sa daigdig
Na ikaw at ako ang tunay na pag-ibig.”*

Tahimik ang buong klase nang bumalik siya sa upuan. Lahat ay napapitlag nang tumunog ang school bell, hudyat ng pagtatapos ng araw.

Wala na ang mga kaklase nang bagtasin ni Ora ang daan patungo sa lumang gusali.

Kataka-takang nagpulasan ang buong klase kanina, nagmamadaling lumabas, at tila walang nakapansin nang iabot ng katabi ang kapisirang papel na ngayon ay kuyom niya.

Poetry Club Room, 5pm.

Pumasok siya sa loob, nabungaran si Pier sa maalikabok na silid.

“Hoy,” salubong nito, hinahaplos ang labing may sugat na sa ngayon ay unti-unti nang naghihilom.

“Bakit gusto mo akong kausapin? Magpapaturo ka na bang magdasal?”

“Hindi ko iyon nakalimutan!” depensa nito. “Kaya kong isaulo kahit ang pitong misteryo sa rosaryo!”

Apat, hindi pito, pero hindi niya itinama. Malay ba niya kung may bagong bersyon? “Kung ganoon, bakit mo ako pinapunta rito?”

“Wala kang sasabihin tungkol sa gabing iyon.”

“Anong gabi?”

“Ang gabing nasa classroom tayong dalawa.”

“Bakit?”

“Basta, wala kang pagsasabihan.”

“Ikinahihiya mo bang hanggang ngayon nalilimutan mo pa rin ang *Ama Namin*?”

Umalingawngaw ang hampas ng kamay nito sa mesa. Lumipad ang alikabok, salitan silang naubo at bumahing.

“Sabing hindi ko nakalimutan!” sabi nito matapos ipahid ang ilong sa manggas ng uniporme.

“Bakit pa kailangang ilihim?”

“Basta.”

Matagal bago nakasagot si Ora. Yaman din lamang

at gusto niyang magkaroon ng kaibigan, nakaisip siya ng paraan. “Sa isang kondisyon.”

“Ano?”

“Pwede bang... tulungan mo akong magkaroon ng kaibigan?”

“Sira-ulo,” sambit nito, unti-unting umabante habang siya ay umaatras.

Nakatingala na si Ora sa kaklaseng animo’y ililibing siya nang buhay.

“Kapag sinakal kita, makakasigaw ka pa kaya?” banta nito.

Ngunit imbes na matakot, lumaki ang butas ng ilong niya, idinikit ang mukha sa kwelyo ni Pier at inamoy iyon.

“A-ano’ng ginagawa mo?” tanong nito sabay layo. “Minamanyak mo ba ako o maninipsip ka ng dugo?”

“Anong pabango mo?”

“P-pawis ko lang iyan!”

Minasdan niya ang kaklase. Pamilyar ang amoy nitong hindi niya maalala kung saan niya unang nakilala.

Nang makabawi, dumukwang uli ito at nagtanong. “Hoy, hindi ka ba natatakot sa ’kin?”

Naipilig niya ang ulo at tinanong ang sarili, *May dahilan ba?* Sa natural niyang blangkong mukha ay sumagot. “Hindi.”



Isang linggo na ang nakakaraan mula nang maganap ang pag-uusap ng dalawa. Sa huli, hindi pumayag si Pier sa kondisyon. Gayunpaman, nangako si Ora na walang pagsasabihan.

Paglabas natin ng Poetry Club room, hindi mo ako kilala. Hindi rin kita kilala maliban sa kaklase kitang weirdo. Naiintindihan mo? ang naging huling bilin.

Gumawa si Ora ng ibang hakbang para makipaglapit sa iba pero hindi naging matagumpay, nagbibingi-bingihan sila kapag tinatangka niyang kausapin. Mayroon pa ngang sagad ang pag-iwas, nagpanggap na nakikinig sa musika at nag-moon walk paalis. Dalawa lang yata sa mga kaklase ang hindi bingi: Si Stephen, ang class leader at si Nola Alpha na nagtanong kung magkano ang pagpapa-rebond niya ng buhok. Sinagot naman niyang natural ang pagkakatuwid niyon.

“Kung mababa o mataas ang nakuha n’yo dati, as you know, ay maaari pang mabago.” Kasalukuyang nasa kalagitnaan ng pagpapaalala ang kanilang guro ukol sa nalalapit na pagsusulit.

“Currently, these are the top achievers: Top 5 - Do Tarte, Top 4 - Charo Sentos. Top 3 - Nola Alpha, Top 2 - Aleli Badbad at Top 1- Stephen Hocking. Iyong iba, pwede pang mahabol. Lalo na iyong Top 27,” sabi nito at tumingin nang makahulugan kay Pier.

Hahanga na sana si Ora dahil napabilang ang katabi sa mga magagaling, pero naalala niyang dalawampu’t

walo silang lahat. Hindi pa siya kasama sa ranking dahil baguhan. Si Pier ang huli, ebidensya ang paglamukos nito sa ipinamahaging pointers dahil sa inis.



Nakuwi na ang karamihan pero nagmamaktol na binabagtas ni Pier ang gusali ng faculty para kaladkarin ang makupad na kapatid. Sa dami ng responsibilidad, nadadawit siyang magtagal umuwi. Sa mahabang pasilyo, nakasalubong niya si Ora, yukong kinakausap ang yakap-yakap na manika.

“Sapat na ang nakuha natin kay Ginoong Primo, Minerva, handa na tayo.” Nakalabas ang ngipin nito sa pagkakangiti.

“Ugh, that smile, so creepy,” narinig niyang sambit ng kung sino sa tabi niya.

Si Hyma, nakikinoood din.

“Magkamukha kayo,” aniya. “Huwag mo akong sundan, tsupi.” Lumabas na naman ang kanyang pagiging famewhore.

“Pupunta ako sa office ni Sir Primo. Manghihingi ng review notes. I was absent this afternoon.”

“Huwag mo akong Inglesin, mukha ka pa ring paa. Alis.”

Nagmadali naman itong sumunod at pumasok sa opisina ng sadya. Pero nakakailang hakbang pa lamang si Pier nang magulantang sa matinis na sigaw ni Hyma mula sa silid ng adviser.

Tinakbo niya ito. Aba, kahit lagi niyang iniinis ang kaklase, ayaw niya itong mapahamak habang nasa paligid siya. Tiyak na mapagbibintangan siyang pangunahing suspek.

Pagbukas ng pinto, naabutan niyang nakatayo ang kaklaseng histerikal, nakatunghay sa nakabulagtag katawan ng kanilang adviser na naliligo sa pulang likido.



Kung dati’y iniwasan, ngayon ay mas malala pa ang nangyayari. Nagbubulungan sila at itinuturo si Ora kapag inaakalang hindi niya napapansin ang mga ito. Sa pagsapit ng flag ceremony, nakisali ang buong paaralan sa tsismisan.

“Tinangka daw patayin si Sir Primo.”

“Hinigop ang kaluluwa ni Sir at kinulong sa manika.”

“Mali. Sinipsip ang dugo. Kaya lang hindi inubos dahil diabetic si Sir.”

“Shh, nakatingin siya dito.”

Tinangka niyang magtanong pero umiiwas ang lahat. Base sa narinig, nasaktan si Ginoong Primo at siya ang sinisisi.

Nanggaling siya sa opisina ng guro kahapon para kunin ang complimentary notes sa mga leksiyon na hindi naabutan. Marami-rami rin ang hahabulin niya bilang transferee. Maliban sa paghilot nito sa noo, wala naman siyang napansing kakaiba sa guro kahapon.

“Minerva, bakit ako ang sinisisi?”

Pagdating sa silid aralan, dumerecho si Ora sa upuan, ginaya ang walang pakialam na katabi at sinubukan ding matulog sa desk.

Nakakalungkot. Hindi niya maipagtanggol ang sarili. Tumikhim ang kung sino man sa harapan. Hindi siya dumilat dahil wala pang hudyat sa pagsisimula ng klase.

“Kayong dalawa sa likod, magkasama ba kayo kagabi? Pareho kayong puyat!” sigaw ni Nola sa kanilang direksyon.

“Punyeta, wala pang bell!”

Napukaw ang interes niya sa iritadong boses ni Pier na ngayon ay tuluyan nang umayos ng upo.

“Makinig kayong lahat,” panimula ni Nola. “Nakatanggap ako ng balita mula sa faculty.”

“Oh, my God! He’s dead! I told you, Mr. Primo is dead!” singit ni Hyma, isa sa mga bumubuo ng grupong H.O.T. Hyma, Olive at Tiesha.

Tinaguriang ‘It Girls’ at katulad sa lahat ng kwentong pang-bagets, ang tangi nilang papel ay maging maganda at mambuwiset. Sa habulang pang-horror, hindi na kailangan ng spoiler. Tanyag na kaalaman na kanilang uri ang unang pinapatay.

“Tahimik!” saway ni Nola. “Hindi siya makakapasok dahil nasa hospital pa.”

“Kung ganoon, totoo nga? May masamang nangyari sa kanya?” tanong ni Olive.

“Oo, pero aksidente lang. Kami ang tumawag ng saklolo kahapon, hindi namin alam ang nangyari dahil walang malay si Sir. Kaninang umaga lang nagising. Nadulas daw siya at unang bumagsak ang mukha niya sa kanto ng file drawers. Sa lakas ng impact, kinailangan ng minor surgery. Natanggal din ang ilang ngipin niya. Kaya kung anuma’ng kumakalat na kwento-kwento diyan, hindi iyon totoo. Nagpapaniwala kasi kayo sa suso, I mean, sa nguso ng kung sinu-sino. Walang killer, bampira, o manikang humuhugot ng kaluluwa. Utang na loob, matagal nang nalaos ang horror stories.”

“But—”

“At ikaw,” putol nito sa anupamang sasabihin Hyma. “Itikom mo ang suso, I mean, nguso mo. Kung anu-anong tsismis ang nanggaling sa ’yo. Pag naulit pa ’to, aahitan ko ang kilay mong hindi pantay.”

“Hey, I think that’s enough,” ani Olive na magaling din pala sa Inglesan. “Wala kang karapatang magbigay ng disciplinary action.” At ibinagsak nito ang kamao sa desk na katulad ng ginagawa ng huwes sa gavel.

“Kung idemanda siya ng defamation? Si Sir na rin ang nagsabi, tomato juice ang natapon, hindi dugo! Pinalala niya ang kwento.”

Walang sumagot sa tatlong magkakaibigan at nanghaba ang mga ngusong pare-parehong kulay pula.

“Yon lang? Walang kwentang balita,” sabat ni Pier, bumalik sa naantalang pagtulog.

“At ikaw!” Nagulat si Ora nang singhalan din siya ni Nola.

“B-bakit?”

“Usong mag-ipit ng buhok, try mo!”

Napalitan ang lungkot ni Ora ng pagkalito. “Minerva,” bulong niya. “Ano’ng mali sa buhok ko?”



Dalawang araw na lang bago ang pagsusulit at hindi pa rin nakakapag-aral si Pier. Unang-una, binubuksan pa lamang ang libro, bumibigat na ang mga talukap niya. Pangalawa, may sadyang kapangyarihan ang nabiling magasin at komiks.

Halika, Pier. Tama, damhin mo ang makinis na pahina, parang nang-aakit na bulong sa boses ni Rosanna Roces noong kasagsagan ng karera nito.

Sabi nga, tao lang siya, gwapo, pero marupok. Madaling matukso. Higit sa lahat, wala siyang maintindihan sa mga itinuturo, lalo na sa Science. Sinisisi niya ang substitute teacher nilang palaging naka-turtleneck kahit matagal pa ang taglamig.

“Nay, malapit na po ang exam ng high school.”

Nabinbin ang pagsubo ni Pier ng tinolang *hindi* luto ng ina. Minura niya sa isip ang nakatatandang kapatid na si Im dahil sa anunsyo. Napangisi lamang ito, matagumpay na nailihis ang usapan mula sa pagbubulakbol sa kolehiyo, ibinaling ang diskusyon sa mga nakababatang kapatid.

“Alam ko,” sagot ng ina. “Nakapag-review na ba kayo?”

“Opo,” ani Nola, siguradong-sigurado ito sa sarili.

“Ikaw, anak?” tanong ng ama kay Pier.

“Opo, Tay,” mayabang niyang sagot. Hindi naman problema sa ama ang grado. Basta makapasa raw ay ayos na. Pero hindi ang nanay niya, na sa kasalukuyan ay daig pa ang talim ng iniingatang *Swiss knife* kung makatitig. Nahihirapan siyang lunukin ang pagkain.

“Siyempre, mahal, nag-aaral nang mabuti si Pier. Pagkatapos ng exam, hindi na siya ang mahuhuli sa ranking. Hindi ba, anak?”

Bigla siyang inuhaw. “A-areglado, Nay.”

Sa kalagitnaan ng pagdarasal para sa milagro, umilaw ang pundidong bumbilya sa utak niya nang maalala si Ora. Transferee nga pala ito at mukhang hirap maghabol ng mga leksiyon. Napangisi si Pier at napanatag. Tiyak nang may papalit sa kulelat niyang ranking.



Judgment Day ang bansag sa quarter exams. Bilang pangalawang pagsusulit ng taon, puspusan ang karamihan sa pag-aaral. Isa si Ora sa nagsusumikap makakuha ng mataas na resulta, umaasang maging tulay iyon para magkaroon ng kaibigan. Nauna na siyang inalok ng amang kumuha ng private tutor, pero tumanggi siya.

“Handa ka na ba?” tanong nito habang kumakain sila ng agahan sa malawak na hardin.

Banayad lamang ang sikat ng bagong araw, tamang kombinasyon sa preskong hangin ng umaga.

“Ang totoo’y hindi pa. Marami akong hindi napag-aralan, Ama.”

“Ramdam mo na bang mahirap ang pinasok mo?” tanong nito at ngumiti. “Sabi ko namang mas maiging sa bahay ka na lang matuto, hindi ka sana magkukumahog tulad ngayon.” Sa kabila ng linyang iginuhit ng edad, maaliwalas ang mukha ng kanyang ama, bakas sa boses ang pag-aalala.

Ibinaba niya ang hawak na tasa ng tsaang at nahiling, “Kung sana may sapat pa akong oras upang mapag-aralan nang mabuti ang lahat. Pero, kakayanin ko po.”

Nag-isip ito nang malalim, umapaw ang maawtoridad na presensya, ang makapangyarihang ama ni Ora na kayang gawin ang lahat para sa kanya. Sumilay ang ngiti nito habang nagpupunas ng bibig, senyales na tapos nang kumain.

“Huwag kang mag-alala,” ang makahulugang sabi at hinalikan siya sa noo bago naunang umalis.



Tuyung-tuyo ang utak ni Pier. Kahit ano ang gawin, wala siyang mapigang sagot sa English test paper, ang huling pagsusulit. Laking pagsisisi niya at hanggang himas lamang ang ginawa niya sa libro at kwaderno.

Pasimple niyang pinagmasdan ang katabing si Ora. Mula simula hanggang matapos ang oras ng bawat asignatura, nakangudngod lang ang mukha nito sa test paper.

Umigting ang kaba niya. Paano na kapag mataas ang resulta nito? Tiyak na siya pa rin ang magiging kulelat. Iniisip pa lang ang mukha ng ina, pinagpapawisan na siya kaya't minabuti niyang ibaling ang atensyon sa huling pahina ng pagsusulit.

Test V: Essay

1. Who is your favorite classic literature author and why?

2. Write a three-stanza poem with four lines in each stanza.

Gusto niyang lamukusin ang papel o kaya'y pagpupunit-punitin iyon sa harap ng substitute teacher na nakaturtleneck. Nilagyan niya ng malaking ekis ang unang tanong at nagsulat ng tula sa pangalawa.

*Roses are red,
Violets are blue,
Leaves are green,
Sunflowers are yellow.*

Napangiti si Pier, dinagdagan ng dalawa pang stanza ang tula patungkol sa kulay, at nakuntento sa isinulat. Pero ang ngiting iyon ay naagnas nang muling masulyapan ang katabi.



Ilang araw ang lumipas. Magkahalong pananabik at kaba ang namayani sa calss 4-A. Ito ang itinakdang araw ng pagbabalik ng papel nila.

“Good morning, class,” bati ng guro. “Ngayon ia-announce ang bagong ranking. Gusto n’yo bang malaman ang resulta?”

Kalahati lamang ang tumango.

“Sa kasamaang-palad...” Tila hindi ito mapalagay, init na init sa suot na turtleneck.

Naghintay ang lahat, iba-iba ang interpretasyon sa napipintong masamang balita.

Don't tell me Hyma got a higher score than me? isip ni Tiesha, pinaplastik ang katabi.

God, I hope I can beat that dwarf, hiling ni Olive, itinuring na karibal ang nakababatang Alpha.

Oh, no... ang dami ko ng split ends, isip ni Hyma.

Sana matataas ang nakuha naming marka, hiling ni Ora.

Sana bagsak kaming lahat, ang makasariling dasal ni Pier.

“Sa kasamaang-palad,” ulit ng guro. “You have to re-take the test.”

Si Pier lamang ang napasigaw ng, “Yes!”

Umani iyon ng ilang kunot-noo.

“Ah, perpek pa naman ako, s-sayang!” bawi niya.

Itinaas ni Stephen ang kamay. “Sir, bakit po?”

“May sumunog ng mga papel ninyo, Mr. Hocking.”

Kabanata 3

Ang Kabanatang Mahirap Gawan ng Pamagat

Aprubado ng kamao ni Pier ang kung sino mang nagsunog ng answer sheets. Sa bagong pagkakataong ibinigay ng tadhana, ipinangako niyang ididikit ang mukha sa libro. Kaya pagkauwi, agad na binuklat at pinag-aralan niya ang mga kwadernong hiniram sa kapatid. Katulad ng mga kaklase, nagduda rin si Nola na siya umano ang may kasalanan sa insidente na agad niyang pinabulaanan.

Isang oras na ang lumipas ay wala pa rin siyang maintindihan. Siyemprepa, ibinalingniya ang sisi samagulong sulat-kamay. Agad ding nadispatsa ang ideyang magpaturo kay Nola dahil siguradong pang-iinis lang ang aabutin niya. Ganoon din ang ideyang umabot sa pananakot kay Stephen.

Sasapakin siya ng kapatid, *kras* kasi nito. Pwede ring kumalat na siya, ang perpektong si Pier Alpha, ay bobo.

Si Ora, sulsol ng utak iya.

Bumalikwas siya sa henyong naisip. Bakit hindi? Parang marami itong naisagot, wala ring kalapit o kaibigan kaya ligtas ang sikreto.

Tama. Pagtitiisan niya ang weirdong mukha nito at ang manikang kambal ng *Bride of Chuckie*. Ceasefire muna sila. Nakatulog siyang nakangisi.

Kinabukasan nang pananghalian, pumasok siya sa abandonadong silid sa lumang gusali, para makipagkita kay Ora. Bago matapos ang klase kanina ay muli niya itong palihim na inabutan ng kapisasong papel, saad ang lugar at oras ng kanilang pagkikita.

“Pier...”

Muntik na siyang mapalundag. Nagbabasa ito sa sulok.

“Bakit bigla-bigla kang sumusulpot?!”

Painosente ang mukha nito na mukhang hindi naman, masagwa lang tingnan. Tipong mananaksak sa taong nakatalikod. “Kanina pa ako.” At ibinalik nito ang aklat sa maalikabok na pinagkuhanan. “Nagulat ba kita?”

“Ako? Matatak—hah! Neber. Bakit ang aga mo?”

“Masama bang maging maaga?”

Hindi na siya tumugon at dumerecho sa pakay.

“Hoy.” Namulsa siyang lumapit sa babae. “Naperpek mo ba ang exam?”

“Marami akong naisagot kaysa sa inaasahan. Ikaw, naperpek mo ba?”

“Ob... kors! Bakit ibinabalik mo ang tanong?”

“Bawal ba?” Kukurap-kurap ang malalaking mata nitong nakatingala sa kanya.

Gusto niyang hampasin ang mesang nakapagitan sa kanila, pero siguradong damay siya sa bahing at ubo mula sa alikabok.

“Bawal!” Pagkatapos ay tinanggal niya ang unang dalawangbutones, at ipinilig-pilig ang ulo bilang paghahanda. Nang matantyang higit na siyang nakakatakot ay nag-utos, “Hoy!” At dumukwang, ginamit ang pinakamalupit na titig bago makipagbangasan. “Simula ngayon hanggang sa pag-ulit ng test, pumunta ka dito isang oras bago mag-ceremony at pagkatapos ng klase sa hapon.”

“Bakit?”

“Basta! Dalhin mo lahat libro at notes mo, calculator na rin at diksyonaryo.”

“Gusto mo bang mag-aral tayo nang sabay?”

“Matalino ako, oy.”

“Aanhin ko ang calculator at diksyonaryo?”

“Siyempre, para sa review natin!”

“Tama nga, gusto mong mag-aaral tayo nang sabay.”

“O—Lintek naman.” At sinabunutan ni Pier ang buhok sa inis.

“Gusto mo bang... magpaturo sa 'kin?”

“Hindi!” At tuluyan na nga niyang hinampas ang mesa, sunod ang salitan nilang pagbahing at ubo sa alikabok. Ano ang karapatan nitong husgahan ang katalinuhan niyang hindi pa nadidiskubre?

“Pumapayag ako,” sabi nito matapos luminis ang hangin.

“Wala kang pagsasabihan.”

“Bakit? Nahiiya ka ba? Maaaring magkaroon ako ng maraming kaibigan kapag nalaman nilang sabay tayong nagre-review na dalawa.”

“Basta ’wag mo lang ipagkalat, at kapag ginawa mo...” Dumako ang tingin niya sa kanlong nitong manika. “Kakalbuhan ko ang bulag na si Marie!”

Kahit siga, kalabisang pagtangkaan niyang bugbugin ang kaklase. Hindi man kagandahan, babae pa rin si Ora. Weird, pero babae pa rin, may dibdib at matris.

“Minerva,” sabi nitong blangko ang maputlang mukha. “Tawagin mo siyang Minerva.”



Sumalubong kay Ora si Pier, bagong paligo at may bakas pa ng gatas sa pang-itaas na labi.

“Maaga ka,” puna nito, para bang may karapatang diktahan ang oras niya, at tumango-tango. “Ayos. Ayos ’yan. Marami tayong matatapos. ’Ika nga, ‘the early eagle can eat many worms.’”

The early bird catches the worm.

Sinarili na lamang ni Ora iyon at sumunod sa lumang gusali. Dahil hindi alam kung ano ang uunahin, binitbit niya ang lahat ng gamit.

Mayamaya pa’y natisod si Ora, hindi sa dami ng dala. Sadya lamang may eksenang ganoon sa lahat ng kwentong

pabebe. To the rescue naman ang nakatadhanang leading man, nasalo siya nito sa mga bisig bago lumagapak sa sahig.

“Lampa,” tuya nito, matapos ang isa’t kalahating segundo ng compulsory na titigan at pinulot ang mga nagkalat sa sahig.

Hindi man lang niya nagawang magpasalamat nang ibalik nito sa kanya ang ilang libro.

“Ano ka, sinuswerte? Dalhin mo ang iba. Hati tayo sa labor,” sabi nito at nagbitbit ng dalawa, habang siya ay anim.

Hati. Alam kaya nito ang kahulugan ng salitang iyon?

Tatlong araw silang ganoon nang walang nakakaalam. Tanging ang abandonado at maalikabok na silid ang saksi sa madugong review. May pagkakataong nakakaintindsi Pier, kadalasan hindi. Sumapit na ang panghuling gabi ay gahol pa rin sila sa oras.

“Hoy, hindi ka pa rin ba uuwi?”

“Mamaya,” sagot ni Ora, pumipili ng librong babasahin. Iyon ang tangi niyang libangan kapag mabigat ang pakiramdam.

Tapos na ang tatlong araw ng paulit-paulit na pagpapaliwanag, aburidong kasama at pagsasaulo ng mga formula. Babalik na naman siya sa pag-iisa, si Minerva lamang halos ang nakakasama.

“Ge,” sagot nito at lumabas, walang pasasalamat o kaunting amor na napulot sa mga nagdaang araw.

“Ingat, Pier...” paalam niyang hindi na nito narinig.



Umaga, sa tahanan ng mga Alpha, pasayaw-sayaw ng rumba na bumaba si Pier para mag-almusal. Ginulo niya ang kapatid na nakangudngod ang mukha sa libro. “Bansot, magtanong ka kahit ano.”

Tumugon naman ito. “Una, bakit mas maaga kang pumapasok nitong mga nakaraang araw? Pangalawa, saan ka pumupunta pagkatapos ng klase?”

“Hindi ganyan, iyong pang-test бага.” Nagkamot siya ng pwet at patalbog na umupo sa tabi nito. “What is economics? It is a social science concerned chiefly with description and ana... anal... basta may pradak at serbis. *Oha?* Napansin mo ang Ingles ko? Mga ganoong tanong, dali.”

“Nay! Si Kuya o!”

“Umagang-umaga, ang laki ng bunganga mo, Nola,” bungad ni Im habang naghihikab.

“Akala ko si Nanay. Himala, ang aga mo rin, kuya?”

“Maaga klase ko.” Sumalampak ang panganay na kapatid sa tabi niya.

Agad niya itong kinulit.

“Tol,” aniya sa pagitan ng pagnguya ng pandesal. “Magtanong ka ng kahit ano.”

Bago nakasagot si Im, pumasok ang mag-asawang Alpha. Agad na nagsumbong ang kanilang bunso. “Nay, si Kuya Pier po, ang weird.”

“Ano’ng problema?” Si Ginoong Alpha ang sumagot dahil abala ang asawa sa pag-aasikaso dito.

“Magtanong nga kayo ng kahit ano,” ulit ni Pier, dumukwang na parang idedeklara ang bagong batas sa Kongreso. “Tsaka alam n’yo bang si Shakespeare ang sumulat ng Romeo and Juliet? Astig ko lang, di ba?”

Pakiramdam niya ay tuluyan siyang naging lehitimong henyo sa loob ng tatlong araw. May mga sandaling ayaw niyang sabunan ang buhok at baka mabanlawan ang pinag-aralan. “Ano?” untag niya. “Alam n’yo rin bang may pitong kontinente ang mundo?”

Bininbin ni Ginang Alpha ang pag-inom ng kape at nakisali sa usapan. “Pier, alam mo rin bang papatayin kita kapag nadiskubre kong gumagamit ka ng ipinagbabawal na gamot?”

“Opo.”

“Eh, bakit ka nagkakaganyan?”

Kumuha siya ulit ng pandesal, isinawsaw iyon sa gatas. “Nag-aral po ako.” At inubos niya ang tinapay sa dalawang kagatan.

Nasamid si Im, habang ang mag-asawa ay nagkatinginan. Hindi alam ng mga magulang kung matutuwa o magtataka sa ikinikilos ng anak.

“Meron din pong himala,” makahulugang pahayag ni Nola habang kumakain.



Sa pagsisimula ng pagsusulit, malaki pa ang ngisi ni Pier, kumpanyansa sa bagong hubog na pagiging henyo. Pero unti-unti rin iyong nabura sa pag-usad ng mga oras. Pinagpapawisan ang singit niya. Ang sarap lamukusin ng papel at itapon sa pagmumukha ng naka-turtleneck na substitute teacher, usigin ito kung bakit pinalitan ang mga tanong sa naunang pagsusulit.

Tinitigan niya ang papel nang masama, para bang kalaban iyon na kailangang talunin. Nag-uumapaw ang kadilimang bumabalot sa kinauupuan niya.

Sumapit ang oras para sa Ingles, ang pinakahuling asignatura. Limang minuto na lamang ang natitira. Lahat ng estudyante ay nagpasa na maliban kina Pier at Ora.

“Pass your papers,” pagpaparinig ng guro, nakatuon ang atensyon sa dalawa. “I said pass your papers,” ulit nito nang hindi sila kumilos. Nagsimula nang mag-ingay ang mga tapos nang kaklase.

“Psst, hoy!” singhal niya. “Limang minuto pa. Sheddep kayong lahat!” At agad tumahimik ang mga kaklase. Maski ang guro ay natameme. Tama nga naman. Ano ang ipinagmamadali gayong may natitira pang oras?

Apat. Tatlo. Dalawa. Isa. Hanggang sa tumayo na siyang aburido pa rin. “Natatandaan ko mga sagot ko diyan. Ayusin mo ang pag-tsek... sir.”

Sumunod si Ora sa pagpapasa.

“Hoy, Multo, bakit huli ka din? Nahirapan ka, 'no?” usisa niya nang sila na lang ang naiwan.

“Hindi.”

“Eh, bakit nga?”

“Hinintay kita.” At tumitig sa kanya ang maiitim nitong mga mata.



Habang nagbabasa, pahapyaw na sinusulyapan ni Ora ang katabing si Pier. Sumabay ito sa kapatid na may inasikaso sa Council Office nang maaga. Silang dalawa pa lamang ang nasa silid-aralan.

Bakit nga ba niya ito hinintay na makapagpasa kahapon? Mabuti na lamang at hindi siya pinagtawanan ng lalaki. Tameme itong umalis, namumula ang mga tainga.

Napakatahimik. Tanging pagbuklat ng mga pahina ng binabasa niyang libro ang maririnig.

“Hoy, ano ’yan?” tanong ni Pier, bagaman nakapikit ang mga mata.

“Tula,” sagot niya, nahiling sa isip na bumangon ito at kausapin siya nang maayos.

“Bakit?” tanong nito at dumilat.

“Anong bakit?”

“Bakit ka nagbabasa ng tula?”

Para silang magkaibigan. Sa ilang linggong pag-aaral, ito lamang ang kausap sa kanya nang lampas sa tatlong pangungusap. May taglay rin naman palang amo ang mukha nito kapag hindi sumisinghal.

“Ano ba ang dapat kong basahin?”

“Komiks. Uso mga librong *jeje* ngayon, nangongolekta si Bansot. Ewan. Huwag kang maingay. Mututulong ako.” At pumikit itong muli.

“Pwede ba tayong maging magkaibigan?” tanong niya bago pa mapigilan ang sarili.

“Bakit?” Dumilat ito uli, nagsalubong ang mga kilay.

“Bakit hindi?”

“Kung gusto mong sumikat, syotain mo ang isa sa mga *Singkit Boyz* na nabanggit sa chapter two.”

“Pero...” *Ikaw ang gusto ko.*

Gayunpaman, hindi na ipinilit ni Ora ang usapan at ipinagpatuloy ang pagbabasa nang tahimik.

*Tulad ng halamang tumingala sa araw,
Inabot mo ang puso kong may panglaw,
Naghihintay ako ng lingap mo't kalinga
Bagaman ako'y multo sa iyong mga mata*



Napangiti siya, marahil dahil sa binabasa. O dahil alam niyang tahimik na lilipas ang maikling bahagi ng umaga habang si Pier ay natutulog sa tabi niya.

Ilang araw pa ang lumipas, lumabas na rin ang resulta ng pagsusulit. Kasalukuyang ipinamamahagi ng guro ang

mga test papers

“Nasa sa inyo kung sasabihin n’yo sa iba ang ranking n’yo.”

“Sir.”

“Yes, Tiesha Almary Faith Dimahayok McHeavens.”

“Do we have to keep our ranking a secret? Wala namang ganoong school policy.”

Si Nola ang sumagot. “Ngayon ka pa nagtanong, patapos na ang Chapter 3?”

“Sir!” Ngayon naman ay si Pier ang tumawag dito, matiim na nakatutok ang mga mata sa hawak.

“Yes, Mr. Alpha?”

“28 na po ang estudyante sa section na ‘to, di ba?”

“Yes.”

Nabulabog ang lahat nang ubod-lakas niyang hinampas ang desk at napatayo. “Ayos!” At saka walang anumang bumalik sa upuan, nakangisi.

#27 Congratulations, you’ve improved!

Hindi siya ang huli sa dalawampu’t walong estudyante. Iwawagayway niya ito sa pagmumukha ng ina mamaya. Sabi na nga ba, unti-unti nang nadidiskubre ang nabaon niyang henyo. Sa pagsulyap sa katabing nakangiti rin sa sariling papel, sumidhi ang pagnanais niyang magpa-party sa saya.

Kinabukasan, namamanhid ang mga pisngi ni Pier sa pagngisi. Hindi naman masisira ang reputasyon niyang

tigasin kung nakalabas ang ngipin. Sabi nga, mukha raw siyang manyak kapag nakangiti. Gwapong manyak.

Sa susunod na pagsusulit, hindi lang niya ididikit ang mukha sa libro, kakainin pa niya ang mga pahina, maging mataas lang ang score. Nang makitang wala ang lambong ng kadiliman ni Ora sa silid-aralan, nagmadali siyang umikot para hanapin ito.

“Ouch!” daing ni Tiesha, nabangga, na kahit nakasalampak sa sahig at umiingit ay parang naka-pose pa rin sa magasin. Ilang gamit nito ang nagkalat sa sahig.

“Tatanga-tanga ka kasi.” At nilagpasan niya ang babae, pero nahablot nito ang dulo ng pantalon niya.

“You should say sorry. Ikaw ang bumangga sa ’kin.”

“Bitiwan mo ang pantalon ko, magugusot ’yan.”

“Help me get up first.”

“Bibitiwan mo ’yan o sisipain kita?”

Imbes na matakot, ngumiti si Tiesha nang pagkatamis-tamis. Nakapagtataakang hindi nilalanggan ang bibig nito. “Help me get up... puh-lease,” malambing na pakiusap nito, sinundan ng kurap-kurap.

Napabuntong hininga si Pier, tuluyang paupong nagsquat at inilapit ang mukha sa kaklase. “Matakaw ka ba?”

“B-bakit?” natatarantang sagot, naghihintay sa kasunod ng pick-up line.

“Anong bakit? Yes or no?”

“Of course not!” Tinakpan nito ang pagkapahiya ng

pagsusungit.

“Mabuti, akin na lang ’to,” tukoy sa pinulot na kendi. “Bilang pasasalamat, hindi na kita sisipain sa paggusot mo sa uniform ko.” At saka siya naglakad palayo.

Naiwan si Tiesha na napahiya at galit, hindi matanggap ang kawalang-talab ng kagandahang suki ng salon at *gluta*. Gagawin niya ang lahat para maakit si Pier Alpha, ipagsisiksikan ang natatanging alindog. Pasasaan pa’t paulit-ulit na binabanggit dito sa istorya ang pangalan niyang pang-tongue twister kung wala siyang mas mahalagang papel?

What Tiesha Almary Faith Dimahayok McHeavens wants, Tiesha Almary Faith Dimahayok McHeavens gets.

Ang pagtatagpong ito ay sanhi ng pakikisawsaw niya sa #TeamPOra. Sa wakas, nalantad na rin ang third party.



Natagpuan ni Pier ang hinahanap sa abandonadong Poetry Club. “Hoy.”

Napaangat ang tingin nito mula sa binabasa. “Bakit?”

“Sa susunod na test, sabay pa rin tayong mag-review.” At padabog niyang inilapag ang nakuhang kendi sa harapan ni Ora.

“Para saan ito?”

“Paunang bayad. Kaya hindi ka pwedeng tumanggi.”

“Hindi ako mahilig sa matamis.”

“Eh, di ’wag. Dami pang arte.”

Pero naunahan siya nitong ibulsa ang kendi bago pa mabawi.

“Nga pala,” dugtong niya, kinakamot ang singit.

“Ano iyon?”

“Tenks.” At nagmamadali siyang lumabas.



“Ang sabi ni Macarena, gabi ka na raw umuuwi.”

Sa tahanan ng mga Guttan, nasa terasa si Ora kasama ang ama, naglalaro ng chess at sinamantala ang sikat ng papalubog na araw, isang nakasanayang gawain kapag Linggo.

“Alam n’yo naman po kung saan ako pumupunta.”

“Kung gusto mong magbasa ng mga tula, magdagdag tayo ng mga libro sa aklatan dito sa bahay, kaysa iyong mga aklat sa lumang club room ang pinagtatiyagaan mo. Mas mabuting dito ka na lang magbasa.” At iginalaw ng ama ang natitira nitong bishop.

“Gusto ko po doon.” Maingat niyang kinakalkula ang susunod na tira, pinipilit kumawala sa napipintong pagkakulong at pagkatalo sa laro.

“Sa tingin ko, mas makabubuting sunduin ka ni Bong. Napapagabi ka ng uwi.” Tinutukoy nito ang pinagkakatiwalaang bodyguard.

“Ama,” aniya, naikuyom ang kamay nang palihim. Unti-unti nang dumidilim ang paligid, at may katulong na

nagbukas ng ilaw sa terasa. “Nangako ka. Hahayaan mo akong makihalubilo sa iba nang mag-isa. Walang magbabago kung laging nakabantay at nakasunod siya sa ’kin.”

Bumuntong-hininga ito nang maalala ang kasunduan nila. Nang minsan siyang mapahamak, napilitan itong pumayag sa kahilingan niya: kalayaan. “Hindi ko nakakalimutan. Pero bakit hanggang ngayon, wala ka pa ring nadadalang kaibigan sa mansion?”

“Mahirap maghanap, Ama.” Iiginalaw niya ang isa sa mga knights. Patapos na ang laro, at mahigpit ang laban.

“Bakit, naging masama ba ang pagtrato nila sa ’yo?” Ang pagbabanta ay pinatamis ng lambing at pagsuyo sa boses.

Masyado siya nitong iniingatan, walang pwedeng manakit sa kanya.

“Hindi po. Kalagitnaan ng taon ako pumasok kaya mahirap makahanap ng makakalapit. Meron na po akong kakilala, nag-aaral kami nang sabay.”

“Alam ko. Si Pierromencio Alpha.”

“Paano ninyo nalaman?”

“Minsan ang mata ay hindi lang nakadikit sa mukha.” Iiginalaw ng ama ang queen nito para maiwasan ang atake niya. “Ganoon din ang tainga.”

Oo nga naman. Paano niya makakalimutang alam nito ang lahat ng nangyayari sa paaralan?

“Gusto mo bang mapalapit sa kanila?”

Gusto ba niya? Oo naman. Sabik siyang may makausap

kahit tungkol sa mga walang kwentang bagay. Halimbawa na lang ang pagsakop sa mundo. O pagbuhay sa mga patay. Iyong tungkol sa kahit na anong bagay na ginagawa ng magkakaibigan; mangkulam, uminom ng dugo ng animnapung birhen o pag-usapan ang sikreto ng mga imortal. Mga ganoon lang naman, maranasan ang kalayaang ipinagkaloob sa kanya.

Ang pinakamalapit sa matatawag niyang kaibigan ay si Pier. Ilang araw na ring hindi sila nakakapag-usap nang maayos. May mga araw na bigla na lang itong nagtatanong ng oras sa kalagitnaan ng klase, gayong malaki naman ang digital clock sa ibabaw ng whiteboard. Kuntento na siya. Isa pa, dagdag sa pagbabago ay ang madalas na pakikipag-usap sa kanya ng kapatid nitong si Nola.

Corazon, kumusta?

Corazon, mahilig ka ba sa horror?

Corazon, malapit na ang Undas.

Nakapagtataka kung bakit tila iniuugnay siya sa kababalaghan, gayong wala sa mga kampon nila ang nagsabing nakakatakot siya.

“Anak?” untag ng ama.

“Siyempre naman po, gusto kong mapalapit sa kanila.”
Sa tamang panahon.

Bumalik ang atensyon niya sa chessboard, pinlano ang susunod na hakbang. Sa ilang taong paglalaro, iisa palagi ang resulta.

Iniangat niya ang queen at ipinosisyon. “Checkmate.”

Palagi siyang panalo. Ni minsan, hindi pa ito nagtatagumpay, at alam niyang sinasadya nitong magpatalo.

Kabanata 4

Ang Patibong ng Mga Oppa Wannabes

Hindi namalayan ang oras dahil sa pagbabasa, inabot na naman si Ora ng gabi sa Poetry Room. Gayunpaman, hindi siya nagmadali. Dahan-dahan siyang naglakad sa madilim na pasilyo, tanging taguktok ng sapatos niya ang maririnig. Niyakap niya ang sarili, nasa mga bisig si Minerva. Malamig ang hangin, nanunuot sa laman.

Nang malapit na sa bukana, naaninag niya ang kung anong bagay na nakabalandra sa daanan. Nagpatuloy siya hanggang sa tuluyang makalapit at mapagtantong may mga kamay at paa ang nakahiga sa sahig, isang katawan ng tao. Dapat sana ay nagtatakbo siya o nataranta, ngunit sa halip ay nag-usisa siya. Hindi naman kasi matatakutin si Ora. Gamit ang flash sa cellphone, inilawan niya ang mukha ng walang malay na estranghero. Maitim ang buhok nito at mag-aaral ng *PAC U* base sa damit.

Tinapik niya ang pisngi ng lalaki. “Ano... gumising ka.”

Ungol ang sagot. Hindi alintana ang lamig ng sahig, umupo siya’t ipinosiyon ang ulo ng lalaki sa hita niya.

“Gumising ka...” At sinundot-sundot niya ang pisngi nito. Dahil sa katahimikan, nag-echo ang maliit na tinig niya sa pasilyo.

Biglang itong dumilat, muntik tamaan ang mukha niya sa pagbalikwas, at nahihintakutang napagapang ito palayo.

“Nagulat ba kita?” Malaking pagkakamali nang inilawan ni Ora ang sariling mukha mula sa ibabang anggulo.

Umiling ito.

“Huwag kang matakot.” Lumala ang hitsura ni Ora nang ngumiti nang labas ang ngipin.

“P-pwedeng sa iba mo itutok ang ilaw?” sabi nitong pumipiyok.

Agad siyang sumunod.

Pinagpag nito ang sarili at nagpaalam nang walang pasalamat.

“Dumaan ka sa lumang gate,” pahabol niya, itinutok ulit ang ilaw sa mukha. “Hindi rumoronda ang mga gwardya doon kapag ganitong oras ng gabi.”

Kumaripas ng takbo ang lalaki.

Kinabukasan, binabagtas ng magkapatid na Alpha ang pasilyo nang mapansin ang nagkukumpulang mag-aaral na nagkakatuwaan.

“Totoo ba ’to?”

“Ang mukhang mamamatay, ang mukhang patay!”

“Powerhouse, bruh!”

Tumahimik ang lahat pagdating nila, katulad ng kurtinang nahawi para matambad sa kanila ang puno't dulo ng kaguluhan. Napamulagat si Pier sa bulletin, nakadikit ang gwapo niyang mukhang pang-billboard. Kasama si Ora sa larawan at magkayakap sila. Uubrang poster sa pelikulang '*Trahedya, O Giliw*' ang pwedeng pamagat.

Kuha ang larawan noong sinalo niya ito nang muntik na itong matumba sa dami ng dalang libro. Mayroon ding magkasabay silang naglalakad, may magkasamang pumasok sa abandonadong Poetry Room.

“Sino? Sino ang punyetang gumawa nito?” Nagsimula siyang manginig sa galit. Galit na hindi alam kung kanino ibubuhos.

“Maaaring magkaroon ako ng maraming kaibigan kapag nalaman nilang sabay tayong nagre-review na dalawa.”

Humanda ka, pekeng multo, paulit-ulit niyang usal sa isip. “Lintik...” pabulong niyang sambit. Nagpupuyos ang kalooban niya, palatandaan ng napipintong pagsabog.

“Kuya, ’wag mong gawin ang binabalak mo,” mahinahong paalala ni Nola, dali-daling tinanggal ang mga litrato at isinuksok ang mga iyon sa bag.

Nagsipulasan ang mga manonood nang suntukin ni Pier ang bulletin. Bago mapigilan ng kapatid, tinakbo niya ang silid-aralan. Lahat ng nakakasalubong ay umiiwas bago madamba.



Sa pabalibag na pagbukas ng pinto, nabulabog si Ora sa pagbabasa. Humahangos na pumasok si Pier, mabigat ang mga yabag at hinampas ang desk.

“Labas!” utos nito sa mga kaklase nilang napaigtad. Sino ba naman ang hindi susunod?

Nanatili siyang nakatingala, napayakap kay Minerva. Inagaw nito ang binabasa niyang libro at itinapon sa pader. “Ikaw ba?” Hinablot nito ang balikat niya.

“A-ang alin?” Hindi pa siya natakot dito, maliban ngayon. Dahil sa kasalukuyan, ibang Pier ang kaharap niya.

Bumulyaw ito sa kanyang mukha. “Ikaw ba ang lintek na naglagay ng mga ’yon?”

Napapikit si Ora. “A-ang... ng ano?”

Higit pang lumapit ito, hindi na sumigaw, pero madiin ang bawat bitiw ng pantig. “Kung gusto mong makilala, ’wag ako ang gamitin mo. Masyado kang pa-*peymus*. Alam mo ba kung bakit walang gustong lumapit sa ’yo? Kasi weirdo ka. Tandaan mo, multo, kung mapapatunayan kong ikaw ang may pakana ng lahat, magkakandaleche-leche ang bangs mo.”

Kung gaano kabilis itong pumasok, ganoon din kabilis umalis. Naiwan siyang nag-iisa. Hindi lang pala bagay ang nawawasak, tao rin. Hindi lang pala artista ang agad-agad umiiyak, siya rin.

Kasi weirdo ka.

Weirdo ka.

Weirdo.

Paano niya maipagtatanggol ang sarili kung ganitong wala siyang maintindihan sa nangyayari? Masakit. Kumalat ang pait sa buo niyang katawan, at unti-unti siyang nilamon ng kalungkutan.

At nang ipaliwanag na ni Nola ang dahilan, mariin siyang tumanggi.

“Pagpasensyahan mo na ang gagong ’yon. Nabadtrip lang, ayaw na ayaw niya kasing pinagtatawanan,” alo nito.

Siya namang pagdating ng nag-aalalang si Stephen.

“Nagalit daw sa ’yo si Alpha? Ayos ka lang ba?” At maingat nitong hinawakan ang kamay niya.

Sumagot siya at nagpasalamat, nabawasan nang konti ang pamimigat ng pakiramdam.

“Ikaw, ayos ka lang? Namumutla ka,” puna ni Nola sa class leader, pagkuwa’y natuon ang mga mata sa kamay ni Stephen na nakadaop sa palad ni Ora.

“Aayos lang, wala ’to.” Mabilis nitong binawi ang kamay at saka ngumiti. “Corazon,” baling nito sa kanya. “Kapag may problema, pwede mo akong kausapin. Sige, mauna na ako.” At nagmamadali itong umalis.

Sa kumalat na balita, iba-iba ang mga naging reaksyon. May mukhang naiinggit, may nagagalit, may natatawa. Mayroon ding nagtataka kung gaano katotoo ang nakita o kung ano ang ginamit niyang salamangka (ayon sa narinig) para ‘maakit’ ang tanyag na school bad boy. Ang tanging

naglakas-loob magtanong ay si Tiesha.

“So, sweetie, is it true?”

“Ang alin, Tiesha Almary Faith Dimahayok McHeavens?”
anya habang binubuksan ang bag.

“You and Alpha dating, is it true?”

“Hindi, Tiesha Almary Faith Dimahayok McHeavens.”

“Oh.” Ang pekeng ngiti ay naging totoo. “Just as I thought. Well, he’s Pier Alpha. And you’re... well, *you*. Kaya imposible...” Natigilan ito nang may mapansin. “What a cute doll,” ang huling pambawi, at saka umalis.

Sa kabila ng gusot, hinihintay pa rin niya ang pagtatanong ni Pier sa kanya ng oras, tulad ng dati. Pero natapos ang araw nang hindi siya nito pinapansin. Malamig. Ang mga titig nito ay malamig.

Kinabukasan, tinangka niyang linisin ang pangalan at palihim na inabutan ng kapisarong papel ang katabi kalakip ang isang mensahe.

Poetry room. Uwian.

Nilamukos lamang nito iyon at ibinulsa. Muli siyang nagsulat at nag-abot ng papel dito. Parehong kapalaran ang sinapit ng pangalawang mensahe. Gayunpamann, tinahak niya ang lumang gusali para maghintay at magbakasakali.

Ipinagwalang-bahala niya ang mga kasunod na yabag. Nang tuluyang makalayo sa sentro ng high school department, naulinigan ni Ora ang mga lalaking nag-uusap.

“Rebond,” sabi ng isang malalim na boses.

“I think she’s playing hard to get.”

“Hindi pa ba tayo uuwi?”

“Tahimik!”

“Miss!”

Tuluyan na siyang tumigil, at paglingon ay nakita ang limang lalaking pare-pareho ang sukat ng singkit na mga mata.

“A-ako?” Itinuro pa niya ang sarili.

Isa sa mga ito ang nakapamulsang lumapit, maikli ang buhok nito na parang pang-kadete. “Oo, ikaw nga, may rebonded na buhok.” At sinuyod siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa.

“Natural na bagsak ’yan.”

“Wala akong pakialam.”

Tulad ng ginagawa ng mga ito, sinuri rin niya ang lima. May nag-aayos ng pagkakatupi ng manggas ng uniform, may kumakain ng chichirya. Ang isa ay maraming singsing sa isang kamay at kasalukuyang ginugulo ang buhok ng pinakamaliit sa grupo na namukhaan niya.

“Ikaw ’yon, di ba?” tanong ni Ora.

Napatigil ang mukhang pinakabata sa lima sa pag-aayos ng nagulong buhok. Ito ang nakita niya sa mismong gusali nang nagdaang gabi. “Ayos ka na ba?”

Nagtataakang nagpalipat-lipat ang tingin ng apat sa kanilang dalawa.

“Ba’t ka nagtatanong? Hindi kita kilala!” tanggi nito.

Tiyak man ay hindi na siya nagpumilit.

“Rebond,” putol ng lalaking pinakamalapit sa kanya, tila siyang pinuno. Sa kabila ng pilit na angas, hindi nito maitatago ang disentang dating.

“Bakit?” kunot-noo niyang tanong dito.

Muli siyang pinasadahan ng tingin ng lalaki at tila di-mapigilang hinaplos ang buhok niya. “Ikaw ba talaga ang girlfriend ni Alpha?”



Umiidlip si Pier sa classroom habang hinihintay ang kapatid na matapos ang obligasyon sa SSC office. Naalimpungatan siya nang may tumawag sa kanyang cellphone, isang numerong hindi nakarehistro.

“Alpha, bayad sa pagbugbog mo sa bunso namin, hihiramin namin ang rebonded mong girlfriend, si Corazon, ang unang aswang,” pambungad ng pamilyar na boses sa kabilang linya.

Agad niyang nakilala ang may-ari nito. “Hoy, Singkit Number 1, hindi ko kinurot ang manipis na pwet ng uhugin ninyong pinsan.”

“Masamang magsinungaling. Alam mo na kung saan ka pupunta para bawiin si wifey mo.”

“Wifey ka diyan. Nanood ka ng *On The Wings Of Love*, ’no? Tapos na ’yon, ulol. Sinasayang mo ang oras ko.”

“Wala kang pake! Hindi mo siya babawiin? Mukhang... masaya siyang kalaro.”

“Kalbuhin n’yo, isama n’yo pa ang manikang bulag.” At pinutol niya ang tawag.

Ano’ng pakialam niya sa babaeng iyon? Tsismis lang ang nag-uugnay sa kanila. Malay ba niya kung ito mismo ang may pakana ng balita at gimik na pang-action finale.

Pumikit si Pier, pero lumilitaw ang nakangiting si Ora. *Putragis!* Dumilat siya sa takot na bangungutin.

Hinugot niya mula sa bulsa ang isa sa ibinigay nitong papel. Poetry room. Uwian. Sunod niyang binasa ang nasa pangalawang papel. Hihintayin kita.



Ang sabi nila, likas daw na mabait ang tao. May mga karanasan lang sa buhay na naglalagay sa tao ng kasamaan. Sa lahat ng mga teoryang nabanggit sa librong hindi naman pinag-aralan, hindi maintindihan ni Pier kung bakit siya tumatakbo, kung bakit niya tinatahak ang daan papunta sa lumang gusali.

Una siguro, sira-ulo siya. Tama. Nawawalan na siya ng bait kaya ililigtas niya ang babaeng wala namang kinalaman sa kanya. Kahit weirdo at wala ni isang patak ng appeal sa katawan, kailangan niyang tulungan ito—dahil nga sira-ulo siya.

Pangalawa, kalaban niya ang dumukot dito.

Pangatlo, gusto niyang malaman kung bakit siya ang

pinagbibintangang gumulpi sa pinakabatang singkit. Kapag napatunayang walang basehan ang paratang, tatalupan niya ang pagmumukha ng mga *Singkit Boyz*, hanggang sa hindi na makilala ang mga ito ng mga bulag na fangirls.

Pang-apat, pambayad utang-na-loob sa tulong ni Ora na madiskubreng bukod siyang pinakamatalino sa balat ng lupa.

Panlima, ang hero-complex.

Putspang Pabida Shit na 'yan.

Binilisan niya ang mga hakbang, parang kasali sa marathon na may intensyong patayin ang kung sinumang naghihintay sa finish line, kung meron man.

“Siraulo,” maktol niya. “Siraulo ka rin, multo...”

Paano kung hindi siya dumating? Maghihintay itong parang tanga? Baka sinaktan na ito, tuluyang kinalbo o kaya’y iginapos gamit ang sarili nitong buhok.

Tanaw na niya ang puting pinto ng Poetry Room. Wala nang mas bibilis pa sa pagkaripas niya. Dinaig pa ang delubyong ibinalibag niya pabukas ang pinto.

Wala. Wala ni hibla ng buhok ni Ora ang nahagilap niya. Sa halip, nandoon ang apat sa limang magpipinsang singkit.

“Nas’an siya?” sigaw niya nang pumasok, ibinalibag pasara ang pinto.

Si Singkit Number 1, ang itinuturing na pinuno, ay nakaupo sa mesa, nakatitig sa kanya. Tinatanggal ni Singkit Number 2 ang mga singsing nito at inilagay sa

bulsa, inihahanda ang kamao sa suntukan. Matalim siyang pinagmamasdan ni Singkit Number 3, sabay haplos sa pisnging ipina-facial. Nakatalikod naman si Singkit Number 4, panay kain ng chichirya at mistulang walang pakialam sa nangyayari.

Wala ang pinakabatang si Singkit Number 5.

“Nas’an siya?” ulit niya.

“Late ka na,” anang pinunong lumapit.

Itinaas niya ang kamao at umamba ng suntok pero mabilis itong nakaiwas at nakalayo.

Naganap ang maaksyong labanang hindi espesyal dahil hindi pa climax. Kung susumahin ay: Suntok, suntok, suntok. Sipa, sipa, sipa. Iwas, iwas, iwas. Kapow, kaboom, chakachak. Tapos kaunting *slow mo*.

Ubod-lakas na iwinaksi ni Pier ang mahigpit na pumigil sa braso niya at siniko ang mukha ni Number 3. Sapul ang matangos na ilong, bumagsak ito sa sahig. Ibubuhos niya sana ang lahat ng inis dito nang pinigil ulit ang mga braso niya nina Number 1 at Number 2.

“Ligtas ang maputla mong girlfriend,” singit ni Number 4, hindi natinag sa pagkain. Baboy ang animal, in a metaphorical sense.

Bumalandra siya sa pader, akmang susugurin ang ngayo’y nakabangon nang si Number 3.

“Stop it!” saway ng lider na magaling din sa Inglesan. “Alalahanin mo kung bakit natin siya tinawang.”

“Tingnan mo!” Turo ni Number 3 ang dumudugong ilong. “Look what he did to my nose! Damn it.”

“Vanity is a sin, you know,” dagdag ni Number 2 sabay akbay rito.

Inis na nagmasid si Pier. Kailangan bang may Inglesan? Tatal singkit naman silang lahat, bakit hindi Hangeul o Cantotan este Cantonese? Millennials nga naman.

“Ikaw ba ang bumugbog kay bunso?” usisa ni Number 1.

“Kung ako nga, ano ngayon?” pabalang na sagot niya habang pinagpag ang alikabok sa uniporme. Mahirap nang mapansin ng inang nakipagbasag-ulo na naman siya.

“Aba, gago ’to, ah!” Akmang susugod uli si Number 3 pero pinigil ni Number 2.

“Tandaan mo, nakasalalay ang buhay ng girlfriend mo dito,” paalala ng huli.

“Hindi ko nga syota ang babaeng ’yon!”

“Kung ganoon, bakit ka nandito? Hindi ba dahil sa pag-aalala?” sapat ni Number 4, dinidilaan ang dailiring babad sa MSG.

“Wala kayong pake!”

Nagkibit-balikat lang ang animal at ipinagpatuloy ang pagkain.

“Uulitin ko, ikaw ba ang bumugbog kay bunso nang nagdaang gabi?”

Tumingin siya kay Number 1 nang derecho. “Hindi. Kung gusto kong basagin ang mga pagmumukha n’yo, bakit

ko sisimulan sa pinakabata? Kaya ko kayong pagsabay-sabayin.”

“Dahan-dahan ka sa pananalita, Alpha. Alam mo kung bakit ka nanalo noon.”

“Huwag mong gawing palusot ang kagagaling n’yo lang sa tigdas o anumang punyetang regla.”

“Yang kayabangan mo ang magpapahamak sa ’yo. Pride is a sin, too, you know,” ani Number 2, ibinabalik ang mga singsing sa kamay.

“Huwag mo akong Inglesin. Maholdap ka sana.”

“Bakit ikaw ang itinuturo ni bunso?” Sapo pa rin ni Number 3 ang dumudugong ilong.

“Hindi ganyan ang taktika ko. Bakit ko aawayin ang isang *bata*? Naghihintay lang akong kantiin, hindi ako naghahamon o nangunguna. Ano kayo, sinuswerte?”

Ilang buwan na rin mula n’ong huli nilang away, nagkaintindihang mag-iwasan sa iba’t ibang dahilan. Siya, ayaw nang maparusahan ng ina. Sila, hindi naman talaga *gang*, kundi mga pabebeng magpipinsan na oppa-wannabes.

Ang totoo, siya ang nagbinyag ng pangalang *Singkit Boyz*—isang grupong mayroon ding fangirls katulad niya o baka nga mas madami pa. Kung susumahin, ang mga ito ang heartthrobs at siya ang school bully.

Tinawanan niya ang mga ito at minaliit nang ayain siyang sumali sa grupo. Natural lang sigurong nagkagulo. Nang mga panahong iyon, kakabangon lang niya mula sa

insidenteng nagpabago sa kanyang reputasyon at magulo pa ang kanyang isipan.

Aba, may lihim din naman siyang itinatago. Lihim na may kabuluhan, pandagdag spice sa kwento. Maliban sa tall, not dark and self-proclaimed handsome, dagdag charm ang pagiging misteryoso.

“Alam ko namang hindi ikaw ang gumawa.”

“Gago ka pala, eh! Bakit mo pa ako pinagod?”

“Naninigurado lang.”

“Iharap n’yo ang bubwit, at tototohanin ko ang bintang niya! Putragis na singkit ’yan.”

“Kalma, Alpha, ’wag kang racist.”

“Kapag sinabing singkit, racist agad? Hindi ba pwedeng deskripsyon muna? Alangang tawagin kitang hindi dilat. Sensitive, hayup.”

Tumikhim si Singkit Number 1, at ibinalik ang nalihis na usapan.

“Alam naming nagsisinungaling lang siya. Kailangan lang ipakitang may ginawa kami para protektahan siya. Unang sumbong pa lang, alam na naming hindi ikaw. Isang pasa at bukol lang sa ulo ang natanggap niya.”

Naiintindihan niya ang ibig nitong iparating. Kung siya, siguradong lamog ang mukha nito.

“Kami na ang magdidisiplina, responsibilidad namin siya. Ang girlfriend mo, hindi mo pa ba pupuntahan?”

Saka pa lamang niya naalala ang babae.

“Sumunod ka,” sabi ni Number 1 at nagpatiunang maglakad.

Umakyat sila sa ikalawang palapag at tumigil sa pinakaunang silid, isang malakas na kalampag ang nagmula sa loob.

Itinulak niya si Number 3 na akmang pinipihit ang seradura, wala siyang pakialam kung tuluyang tumabingi ang ilong nito. Ang mahalaga nang mga sandaling iyon ay si Ora. Sinipa niya nang malakas ang pinto, nabungaran ang kaklaseng kaharap si Number 5 at nasa gitna ng mga ito ang isang chessboard.

Matapos ang blangkong sulyap sa direksyon niya, bumalik ang tingin ni Ora sa laro, inangat ng isang maputlang kamay ang isa sa mga chess pieces at nagdeklara, “Checkmate.”



Hindi na natinag si Ora nang muling hampasin ng kalaro ang mesa, gawaing nakasanayan sa sunod-sunod na pagkatalo nito.

“Grabe! Ang galing mo talaga.” Pasukong itinaas nito ang mga kamay.

Wala nang sumunod na kalabog, pero bakit malakas na dagundong ang naririnig niya? “Talo ka. Kaya sabihin mo na ang totoo.”

Parang sinisilaban ang kaharap sa kinauupuan nito.

“Tumupad ka sa usapan,” ulit ni Ora.

Akmang susugod si Pier, napigilan lang ng tatlo. Si Number 4 ay nanatili sa tabi ng pinto, bitbit ang bagong bukas na supot, kuntento sa panononod ng palabas.

“Oo na, oo na!” suko ni Number 5. “Sasabihin ko na!” At natumba ang kinaupuan nito nang biglang tumayo. “H-hindi siya! Hindi si Alpha ang sumuntok sa 'kin!”

“Bakit ka nagsinungaling?” Gustong lumapit ni Ora at aluin ito. “Bakit?”

“Dahil... dahil kay Alpha!” At itinuro nito ang tinutukoy. “Ang yabang, akala mo kung sino. Hindi pa nga siya humihingi ng sorry sa pang-iinsulto sa 'min dati. Dahil ba tinalo ang naghahari-hariang gang noon, pwede na niyang gawin ang lahat? Oo, pinag-iinitan siya nina Marco, pero gaano ba kasiguradong pinat—” Tumigil ito, sumulyap kay Pier at bumwelo.

“Bigla lang nawala ang gang nila, walang alam kung saan at walang nagreklamo, 'tapos siya na agad ang gumawa? Bibiliban na agad ng lahat na astig? Eh, parang pinalitan lang naman niya ang mga gagong iyon!”

Mukhang mahaba-habang flashback ang kailangan para maintindihan ang puno't dulo, pero hindi pwedeng lumampas sa itinakdang numero ng pahina ang buong kwento. Maaaring gawan na lamang ng hiwalay na backstory.

Sumalampak si Number 5 sa sahig at nagpatuloy. “Kaya pinalabas ko na lang na si Alpha ang may kasalanan. Wala siyang kwenta. Puro pakikipagbasag-ulo ang alam.”

“Hindi ’yan totoo. Bawiin mo,” depensa ni Ora. Naaawaman sa kaharap, salungat ang paniniwala niya.

“Ang alin?” Larawan ito ng batang hindi maintindihan ang utos ng magulang.

“Ang sinabi mo. Si Pier, hindi... hindi siya masama. Iba ang Pier na kilala mo sa kilala ko. Maaaring... mukha siyang bugnutin at laging galit. Pero hanggang doon lamang iyon.”

Maliban sa bunso, ang apat ay nagpipigil ng ngiti. Habang ang tinutukoy ay init na init sa damit at namumula ang mga tainga.

Ano’ng mali sa sinabi ko? Nag-aalalang lumapit si Ora kay Pier at ipinilig ang ulo. “May allergy ka ba?”

“W-wala!” sagot nito sabay iwas ng tingin.

Bago lumabas ay nilingon ni Pier si Number 5 na kasalukuyang kinakausap nang masinsinan ng iba.

“Kilala mo ba kung sino ang gumawa niyan sa ’yo?”

“Hindi, basta lalaki, mag-isa, may kausap sa telepono.”

“Ano’ng sabi?”

“Huwag daw mag-alala ang kausap niya, hindi daw siya papalpak. Nang sinita ko, sinuntok na ako ’tapos hinampas sa ulo ng gago. Paggising, mukha niya,” At tinuro nito si Ora, “ang nakita ko.”

“Makikilala mo ba kung sakali?”

“Hindi, medyo madilim. Pero sigurado akong estudyante rin, naka-high school uniform.”

Hinila na si Ora ni Pier palabas, hindi na nagpaalam sa iba.

“Bugnutin?” Itinuro nito ang sarili at suminghal. “Ito ba ang bugnutin?”

Naunat ang mga pisngi niya at sumilay ang ngiti, kusang nagmumula sa kasiyahang hindi maipaliwanag. Tulad ng nagbabadyang twist sa thriller stories, nanatili iyong misteryo.

Tumingkad ulit ang pamumula ng mga tainga ni Pier at dali-dali itong naglakad palayo.

“May allergy ka ba?” habol ni Ora.

“Oo! Allergic ako sa mga taong pangit ngumiti.”

Pinagmasdan niyang mabuti ang likod ni Pier. Malapad ang mga balikat nito at mahahaba ang biyas. Kumpara sa iba, mas mayabang itong maglakad, nakapamulsa at nakataas ang noo.

Mabagal ang paghakbang nila, hindi nagmamadali at pinapahalagahan ang kasalukuyan.

“Noong isang araw, pasensya na,” sabi nito nang marating nila ang bungad.

Hindi siya tumugon, higit na bumagal ang mga hakbang at nanood lang at nakinig habang sinasagot nito ang nagring na cellphone.

“Arte. Maghintay ka diyan, bansot.” Humarap ito matapos maputol ang tawag. Maalayo na rin ang agwat nila.

“Hoy, quits na tayo.” Sumasayaw sa hangin ang buhok

nitong walang gel, magulo at may dumikit pang sapot ng gagamba.

Lumapit siya at walang paalam na inabot iyon. Iwinaksi ni Pier ang kamay niya bago pa niya iyon maalis.

“Ano’ng gagawin mo?” At prinotektahan nito ang ulo.

“Sandali lamang, yumuko ka.”

Sumunod ito sa kabila ng pagdududa. Tumingkayad si Ora. “Wala na,” tukoy niya sa dumi. Nakatingala siya at ilang sentimetro lang ang layo nila, amoy niya ang pamilyar na pabango nito.

“Ge.” At kumaripas ito ng takbo papalayo, walang kasing-pula ang mga tainga.

Nag-alala si Ora, nakatanaw sa malala nitong allergy.

Kabanata 5

Ang Pag-usad ng Plot sa Wakas

"Punyeta naman, oo." Nagmura si Pier habang binabaklas ang panibagong litratong nakapaskil sa bulletin, kuha kahapon nang tanggalin ni Ora ang dumi sa buhok niya.

"Kuya..." Nangunyapit si Nola sa uniporme niya sa pag-aalala.

"Maling anggulo pa ang kuha!"

"Sus, 'yun ba ang ipinagmamaktol mo?" At bumitiw ito. "Magkalinawan nga tayo, kayo na ba ni Ora?"

"Tigil-tigilan mo ako, bansot. Sabi nga, 'a picture can draw a meaningful meaning.' Huwag kang mag-isip ng kung ano diyan."

"Can paint a thousand words, a picture can paint a thousand words."

"Pareho na rin iyon." Sinamsam nito ang litrato at inilagay sa bulsa, higit na mahinahon kumpara sa unang pagkakataon.

Sumapit ang hapon at nagpulong ang buong klase para sa November Festival. Si Pier lamang ng tanging hindi nakikisali at dinidemonyo si Ora.

“Alam mo ba ang iron? Hindi ’yong plantsa.”

“Oo,” sagot nitong kumurap-kurap ang malalaking mata.

“Subukan mong kumain ng may gan’un. Para kang namudmod sa espasol sa putla.” Pagkatapos ay pinuna nito ang bakanteng desk. “Nasaan na ang manika mong may kapansanan?”

Sinulyapan nito ang bag at nanamlay (kung may mas tatamlay pa rito). “Nasa loob.”

“Bakit?”

Sa kalagitnaan ng pagsagot, pumaimbabaw ang boses ni Stephen. “May iba pa ba kayong suhestyon?”

Doon pa lamang natuon ang atensyon niya sa pisara.

Cosplay Cafe. Classical Play. Musical. Selfie Booth.

“O, Alpha?” tawag nito matapos niyang itaas ang kamay.

“Anong klaseng pauso ang nakasulat diyan?”

Nagkamot sa ulo ang class leader. “May iba ka bang ideya?”

“Strip club,” aniya. “Gumawa tayo ng strip club, ’tapos lahat ng babae naka-bra at panty lang, maliban sa ’yo, bansot.” Itinuro niya ang kapatid.” Magiging bouncer ka.” At tumawa siya nang malakas.

Umani siya ng angil at nakamamatay na titig mula kay Nola.

“Denied,” tutol ni Stephen.

Siyempre, trip lang niyang mang-inis. “Eh, di pasugalan na lang, tipong casino.”

“Denied.”

“Kesa naman sa mga pinaglumaang suhestyon sa board! May cosplay cafe pa. Ano 'to, Japan? Gaya-gayang mga weeaboo shit kayo.”

Hindi na sumagot si Stephen, ibinaling ang atensyon sa tabi niya. “Yes, Miss Guttan?”

“Sang-ayon ako kay Pier.” Iyon ang unang pagkakataong nakita niyang determinado ang babae.

Si Olive ang unang tumutol. “Are you crazy?! Let’s just go with the musical!”

Parang makahiyang tumiklop si Ora matapos ulanin ng batikos.

“Lintek... tikom!” bulyaw ni Pier na ikinatahimik ng lahat at saka inutusan si Ora. “Hoy, ituloy mo.”

“Ano...” Muli itong tumayo. “Hindi pasugalan. Halimbawa, kailangang talunin ng customer ang iba’t ibang game masters para makakuha ng premyo tulad ng pera, pagkain o serbisyo mula sa klase natin. Ang mga palaro ay maaaring ordinaryo lamang.”

“I don’t understand.” Naguguluhan si Hyma. Palibhasa hindi nakikinig at medyo mahina ang utak.

“I agree!” sigaw ni Nola, itinaas pa ang dalawang kamay na nagsisilbing boto.

“Ako din,” sang-ayon ni Pier at tinawag ang mga kaklaseng nasa unahan. “Piolo, Dingdong, sang-ayon din kayo, di ba?”

Tarantang tumango-tango ang mga extra at nagtaas ng kamay. Hindi kailangang takutin ang iba dahil may punto naman talaga ang sinabi ni Ora. Hanggang sa napagdesisyunang iyon ang gagawin ng klase.

Si Olive, na papel na ang magprotesta ay ipinaglaban ang gusto. “How about the musical? I even finished writing the script!” Isa ito sa tatlong magkakaibigang hindi naging masaya, naunsiyami ang pagkakataong magkaroon ng starring role.

“Nice, Multo, nice.” Nag-thumbs up si Pier, kasabay ng pag-alingawngaw ng malungkot na kalembang ng kampana mula sa cellphone ni Ora.

Dali-dali nitong sinagot ang tawag, hindi pinansin ang sinabi niya.

Aba! Ito na nga ang pinupuri, hindi man lang nagpasalamat. Isang malaking karangalan ang purihin ni Pier Alpha.

“Handa na?” tanong nito sa kabilang linya. “Malusog ba ang alay?” Lumiwanag ang mukha nito sa pagkasabik. Lumabas ang dulong tulis ng ngipin, pwede nang panakot sa mga magnanakaw.

Gayunpaman, mapula ang mga labi nito, ang natatanging kulay sa mukha.

Hindi na masamang tingnan, isip ni Pier. Pwede na rin.

“Mabilis tumakbo? Ikulong nang mabuti. Salamat, Macarena.” At pinutol na nito ang tawag.

Hanggang sa matapos ang meeting, panaka-nakang lumilingon si Pier kay Ora. Ilang bagay ang tumatakbo sa isipan niya.

Una, miyembro ba ito ng kulto? Pangalawa, kailangan talaga nito ng iron. At pangatlo, hindi naman pala talaga ito pangit.



Babala: Ang sumusunod na kaganapan ay katulad ng pansit at ng spaghetti sa bawat handaan, kandila tuwing Undas at rosas kapag Valentine's Day—hindi nawawala, permanente.

Ito na ang unang salpukan ng mga matris. Ang pinakahihintay ng mga mahihilig sa sabunungan at shompalan, ang eksenang api-apihan.

Habang binabagtas ang pasilyo, sinugod si Ora nina Hyma, Olive at Tiesha.

Sinipat niya ang kisame at naghanap ng CCTV, nakahinga nang maluwag nang walang makita.

Dinuro-duro siya ni Olive. “Alam mo ba kung gaano katagal kong isinulat ang musical? Tapos ko na ring idisenyo ang costumes!”

Hinaplos ni Tiesha ang pisngi niya. Dama niya ang nagpupuyos nitong galit sa kabila ng ngiti nito.

“Sweetie, alam mo bang ’yon ang highlight ng festival? Since walang presentation ang cheering squad, ’yon na lang ang inaasahan namin. But then, pinatulan mo ang suggestion ni Alpha. If you’re planning to impress people, you can’t. You’ll always be the weird one. You’ll never fit in.”

“Patawad,” ang tangi niyang nasabi.

“Hindi lahat nadadaan sa sorry. Learn your lesson, and we’ll forgive you.” At bumaling ito sa nananahimik na si Hyma. “Slap her thrice.” Nahubad na ang mapanlinlang na kabaitan.

“T-teka, why me? Akala ko ba, tatakutin lang natin?”

“I said do it!” singhal nito, lumabas ang kasamaang sagad-buto. Kung ano ang ikinaputi ng balat, siya ring ikinadilim ng budhi, karapat-dapat para sa titulong kontrabida.

Sa lahat ng kwento, kailangan ang isang tulad ni Tiesha para ipamalas ang katotohanang hindi lahat ng maganda ay mabait, puntong ipinaglalaman ni *otor* na nakulangan sa biyaya ng artista looks. (Bitter ang walanghiyang manunulat.)

“Eh, kung ikaw na lang kaya? Bakit ako pa? Paano pag nagsumbong siya? Then I’ll go to prison! O magpapakamatay siya dahil sa pambu-bully natin, and then mumultuhin tayo. I don’t want to die because of weird accidents!”

Isa pa itong kaumay-umay na karakter, pero naisasali sa mga kwentong pangmasa. Permanente, tulad ng *Torre de Manila*, panira sa view ng Luneta, pero kailangan para magkaroon ng pagtatalunan.

“Then I have no choice,” pahayag ni Tiesha. Bago pa maipikit ni Ora ang mga mata, isang malutong na sampal ang lumapat sa pisngi niya. At isa pa. At isa pa.

“It will be our little secret,” paalala nito bago umalis.

Naiwan siyang napaupo sa sahig, sapo ang mga pisngi at nakikinig sa sariling hikbi.

Bakit ganoon? Bakit mahirap ang makibagay sa totoong mundo? Bakit mahirap mapabilang sa *mayorya*?



Sa katahimikan ng dapit-hapon at pasilyong nilisan ng mga mag-aaral, tinalasan nina Pier at Nola ang pandinig, natiyak nang hindi lang ihip ng hangin ang naririnig nilang umiiyak.

Hikbi. Mahihinang hikbing kakaiba ang idinudulot sa sistema. Sa lahat ng bagay, pinakaayaw ni Pier ang makarinig ng umiiyak. Dahil kapag inalo, siya rin ang mapapahamak. Proven and tested mula sa karanasan niyang hindi pa tuluyang nabubunyag, pero may clue sa nagdaang kabanata.

“Kuya,” takot na sumiksik si Nola sa kanya. “Baka totoo ngang minumulto ang school!”

“Bitiw, ano ba,” at tinampal ang noo nito.

Sinundan nila ang pinagmumulan ng iyak. Maya't maya siyang pinipigilan ng kapatid, nangunyapit na parang tarsier.

Dahil hindi pa ganap na gabi, wala pang nakasinding bombilya. Higit naging klaro ang naghilingalong iyak, parang kaluluwang nagtatawag ng tulong at ume-echo sa pasilyo.

At sa wakas, natagpuan nila ang isang babaeng nakasalampak at ikinukubli ng malaking haligi, nakasubsob ang ulo sa yakap na mga tuhod. Tinatabunan ang mukha nito ng mahabang buhok na kasing-dilim ng kalangitang pinagkaitan ng buwan at mga bituin.

Mahina niyang sinipa ang sapatos nito. "Hoy. Wag kang manakot dito."

Sumalubong sa kanila ang pamilyar na mga matang hilam ngayon sa luha.

Eh, ano ngayon kung umiiyak si Ora? Mabuti na rin, natuklasan niyang may iba itong hitsura maliban sa mukhang dilat na pumanaw.

"Ora?" Lumuhod si Nola at pinahiran ang luha ng kaklase. "Bakit ka nandito? Sa *Balete Drive* ka magmukmok, marami-raming dumadaan doon."

Hindi ito nadala sa biro.

Kinapa ni Pier ang lahat ng bulsa, pero walang makuhang panyo, saka pa lamang naalalang hindi nga pala siya nagdadala.

"Tumahan ka na diyan," sita niya sabay hubad ng

uniform coat. “Wala akong panyo.” At iniabot niya ang coat dito. “Ito na lang, ’wag mong lagyan ng sipon.” Nabinbin sa ere ang iniaalok. “O, sige na, pwede na rin ang sipon,” napipilitan niyang sabi.

Saka lamang iyon tinanggap ni Ora.

“Bakit ka umiiyak? Pwede kang magsumbong, ako ang SSC President,” pang-aalo ng kapatid.

Umiling-iling lang ito, pinahid ang luha at ibinalik ang uniporme. Hindi iyon tinanggap ni Pier. “Ano ka, sinuswerte? Labhan mo ’yan, oy.” At nagpatuloy ito sa kabila ng pagsiko ni Nola. “Gumamit ka ng powder, sasabihin ko ang brand kapag may sponsor na tayo. ’Tapos ibabad mo muna para matanggal ang sipon, dapat may fabric conditioner ang pambanlaw.”

“Naiintindihan ko,” sabi nito at naglakad palayo.



Binabagtas na nila ni Pier ang parking lot, hindi pa rin tumigil ang kapatid sa pananabon. “Ang sama mo talaga. Kita mo na ngang umiiyak ang tao.”

Kadalasan ay sinasagot niya ito, binubuska. Pero sa pagkakataong ito ay nanatiling walang imik si Pier.

Nakakainis. Nakakayamot. Nakakaligalig. Nangangati ang mga kamao niyang tamaan ang kung ano.

Tumigil siya nang mapagtanto ang ginagawa. Bakit siya nag-aaksaya ng oras kaiisip kay Ora?

Ah, tama...

“Bansot, pautang ng isandaan.”

Tuluyan na nga siyang nasiraan ng bait.

“At bakit?”

“Basta. Saka may pagkain ka?”

“Bakit nga?”

“Punyet—Basta! Patungan mo na lang ng interes.”

“Limampung porsyentong tubo, bali *wampipti* babayaran mo,” tuso nitong sabi, iwinawagayway ang salapi.

“Oo na! Makarma ka sana!” At hinablot niya ang perang papel kasama na ang kending nahalungkat sa bag. “Ano ’to?” Inusisa niya ang balot. “Balimbing flavor. Wala na bang iba?”

“Kung ayaw mo akin na.”

“Sinabi ko ba?” At ibinulsa niya ang matamis. “Mauna ka na, magta-taxi na lang ako pauwi. Sabihin mo kay nanay may group study,” bilin niya at saka kumaripas ng takbo, iniwan ang kapatid na pilyang nakangiti.



Tulad noong musmos pa lamang siya, si Minerva ang tanging kasalo ni Ora sa pag-iisa. Yakap-yakap niya ito, habang sinasalo ng coat ni Pier ang luhang dumadaloy sa kanyang mga pisngi. Mas malalim pa sa pisikal na sakit ng sampal ang iniinda niya. Sugat na matagal nang nandoon, muling dumugo dahil hindi pa naghihilom.

“Alam mo bang allergic din ako sa mga babaeng pangit umiyak?” untag ng bagong dating. Si Pier. Umupo ito sa tabi niya.

Nahanap siya nito sa loob ng lumang Poetry Room.

“Kakaiba. Allergic ka sa babaeng pangit ngumiti, pati na rin sa pangit umiyak.” Pinahid niya ang basang pisngi at inayos ang hitsura.

“Ganoon na nga!”

“Kung ganoon, allergic ka sa ’kin?”

“Siguro. Bakit mo itinatago si Monami?” puna nito nang ibalik niya sa bag ang manika.

“Minerva. Siya si Minerva. Kasi matanda na ako para sa manika. Sabi mo nga, weirdo.”

Nagtaka si Ora dahil hinalungkat ni Pier ang bag niya at inilabas ulit ang manika. “Kausapin mo si Mildred hanggang gusto mo.” At isinalansan nito si Minerva sa bisig niya.

“Minerva,” pagtatama niyang muli.

Imbes na sumang-ayon, nag-abot ito ng kendi. “Hindi ako mahilig sa balimbing, sayang kung itatapon. Sa ’yo na lang.” Nag-welcome ito matapos niyang tanggapin ang alok.

“Salamat.” Kinain niya ang kendi at sandaling namayani sa kanila ang katahimikan.

Ninamnam niya ang kendi, saktong tamis at asim na nagdudulot ng kakaibang pakiramdam sa sikmura. Mainit. Nakakakiliti. Nakakaligalig. Magandang uri ng ligalig.

“Mulato, bakit?” untag ni Pier pagkuwan.

“Anong bakit?”

“Bakit ka umiyak?”

Umiyak. Pandiwang pangnagdaan. Kinapa niya ang mga pisngi, tuyo na nga. “Wala lang.”

“Bakit nga?”

“Kailangan ng dahilan sa pag-iyak?”

“Kailangan bang ibalik mo ang lahat ng tanong sa 'kin?”

“Salamat,” ang tanging sagot niya, kusang umunat ang mga labi sa isang tipid na ngiti.

Napaubo si Pier at dali-daling nag-iwas ng tingin. Naghari ulit ang katahimikang kadalasan ginagamit sa mga eksenang semi-romantiko. Sandaling walang kailangang sabihin para makaramdam ng kapayapaan.

“Hoy, hindi ka masyadong busy, ano?”

“Hindi naman.”

“Pinakamaaga kang pumapasok, gabi na rin umuuwi. Saan ka ba nakatira?”

Panandaliang nag-isip si Ora, nag-apuhap ng sagot.

“Kung saan ka, nandoon ako,

humihinga, tumatakbo,

kung saan umiikot ang mundo mo,

limang araw sa isang linggo,

nandoon ang himlayan ko.”

“Ewan ko sa ’yo, address lang ipinagdadamot pa. Hindi naman kita dadalawin.” At nagtatampong ipinikit ng lalaki ang mga mata.

Sa sumunod na isang oras at humigit-kumulang labinlimang pantay na paghinga, tuluyang nalukob ang silid ng pinaghalong hilik ni Pier at ng tunog ng mga pahinang binubuklat sa librong binabasa niya.

Ah, posible malungkot nang sobra, pero kamanghamanga kung paano kabilis siya naging masaya.

Ngayon, habang tinatanaw ang papalayong likod ni Pier, napabulong si Ora. “Sa wakas, mayroon na akong kaibigan, Minerva.”